Ang Kahanga-hangang Pag-ibig ng Diyos

Ni: Peggy Boyd

Na siya'y kinakailangang tanggapin ng langit hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una. Mga Gawa 3:21

Isinalin sa Wikang Filipino

Restitution Ministries Philippines
P.O. Box 79 Legazpi City 4500
gawa321@gmail.com

www.acts321.org

Ang Restitution Ministries ay pinamamahalaan ng mga mananampalatayang Adventistang tapat sa pagpapahayag ng Walang Hanggang Ebanghelyo. Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina. Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiyahiyang bagay na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinag-tatagubilin ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng Dios. Nguni'tyamang mayroong gayon ding espiritu ng pananampalataya, na gaya ng nasusulat, Sumampalataya ako, at kaya't nagsalita ako; kami naman ay nagsisisampalataya, kaya't kami naman ay nangagsasalita. 2 Corinto 4:1, 2, 13

Paunang Salita

Gaano kalaki ang iyong kaalaman tungkol sa hipon? Aking natuklasan na ang mga maliliit na mga nilalang na ito ay may kakaibang pag-uugali. Ang hipon ay dumadaan sa proseso ng pagpapalit ng kanilang mga "damit" tatlo o apat na ulit sa loob ng isang taon, na tinatawag na "paghuhunos" (molting). Ang bagay na ito sa kanyang sarili ay hindi kakaiba, subalit kung paano nila isinasagawa ang pagpapalit ng damit ay nakamamangha. Tila tuwing maghahandang magpapalit ng balat ang hipon, naglalagay ito ng butil ng buhangin sa kanyang ulo at matatabunan ito ng bagong balat sa ibabaw. Ang tawag ng iba ay "batong sagisag" (status stone), ay tumutulong sa hipon upang malaman nito kung tama o kabaliktaran ang kanyang kalagayan sa maalong karagatan. Nalalaman ito ng hipon sa pamamagitan ng hila ng "gravity".

Maaaring nagtataka ka kung paano nadiskubre ng mga siyentipiko ang kakaibang ugali ng hipon. Maaaring inilagay nila ang mga hipon sa "aquarium" na may mga butil ng bakal sa ilalim nito. Nang dumating ang panahon ng paghunos (molting), naglagay ang mga hipon ng butil ng bakal sa kanilang mga ulo, at ang bagong balat ay tumubo sa ibabaw nito. Saka naglagay ang mga siyentipiko ng malakas na magnet sa ibabaw ng aquarium at madaling nabaliktad ang mga hipon at nagsimulang lumangoy ng pabaliktad. Upang madagdagan ng kaunting kasiyahan, naglagay ang mga mananaliksik ng isang hipon mula sa dagat kasama ng mga hipong may bakal sa kanilang mga ulo. Maaaring ito ay isang nakakaenganyong panooring pagtuklas, na lahat ng hipon ay nakabaliktad na lumalangoy maliban sa isa na nasa tamang posisyon.

Kung makakapag-isip lamang ang mga hipon ng kagaya natin, ano kaya ang kanilang sasabihin sa kakaibang hipon? "Tingnan ninyo ang isang iyon na lumalangoy ng pabaliktad!Ano ba ang meron sa kanya?" Inyong nakita, ang mga hipon na may bakal na butil sa kanilang mga ulo ay nag-iisip na sila ang tama dahil sa "batong sagisag ng katangian" (status stone) ay nagsasaad na ang pataas ay pababa at ang pababa ay pataas. Ang karamihan ay lumalangoy ng pabaliktad kaya't kanilang iniisip na sila ang nasa tama. Ang nag-iisang kakaiba sa kanila ay nasa kamalian.

Bilang Kristiyano, nararapat na ang aking "batong sagisag" (status stone) ay ang Biblia. **Ang kaisipan ng tao, o kahit pa ang pinaniniwalaan ng karamihan na tama, ay hindi dapat ipagpalit sa hindi nagkakamaling salita ng Diyos.**Pinatutunayan ng kasaysayan na ang kalimitang pinaniniwalaan ng karamihan ay mali, lalo na kung tungkol sa relihiyon. Hindi pa natatagalan, may nabasa akong pahayag na naging mas makabuluhan sa akin at nagbibigay diin sa katotohanang ito:

"Walang ibang tagapagtanggol mula sa kasamaan kundi ang katotohanan… Marami sa loob ng iglesia ang hindi nagpapahalaga sa pag-unawa ng kanilang pinaniniwalaan; hanggang sa dumating ang kontrobersiya, hindi nila nalalaman ang kanilang kahinaan."(God's AmazingGrace, p. 30)

Halos dalawang taon na ang nakakaraan mula ng mas lubusan kong maunawaan kung ano ang kahulugan ng mga katagang ito. Sa huling bahagi ng panahon ng tagsibol, ako ay nagmaneho papuntang hilaga upang dalawin ang isang malapit na kaibigan. Pagdating sa kanilang tahanan pagkatapos bumati sa isa't isa, ibinahagi niya ang kanyang alintana tungkol sa isa sa pinakasikat na aral sa Kristiyanismo. Ang aral na mayroon siyang pag-aalinlangan ay tungkol sa konsepto ng "Trinidad". Paanong ang tatlong persona ay tunay na iisang Diyos? "Ang aral ng Trinidad ay mali", sabi niya.Ang daglian kong tugon ay galit at pagkadismaya. Paano ito magiging "mali"? Ang Biblia ay may sinasabi tungkol sa Ama, Anak at Espritu Santo; hindi ba iyon Trinidad? Ganunpaman, hindi ba't ang lahat ng Kristiyanismo ay naniniwala sa Trinidad kaya't nangangahulugang ito ay tama!! Sa kabila ng aking pagkadismaya, niyaya niya akong maupo upang tingnan namin ang ilang mga talata. Kahit alinlangan, ako ay nagpaunlak, sa pag-aakalang maitatama ko ang kaniyang kamalian. Isipin mo na lang ang aking pagkabigla nang magsimulang magpakita ang Diyos ng mga talatang dati ay malabo at hindi ko maintindihan, at nagbigay linaw sa aking pagkaunawa. Maraming tanong ang sumagi sa aking isipan. Ang akin bang paniniwalang Trinidad ang Diyos ay totoong tama?Hindi ba dapat nagtutugma ang katotohanan? Totoo bang ang tatlo ay iisa?

Naalala ko ang mga panahong sinubukan kong ipaunawa sa aking mga anak ang tungkol sa Diyos. Tuwina, ako ay tutungo sa refrigerator at kukuha ng mansanas. Ako ay mauuposa gitna kasama ng aking mga anak na lalaki at sasabihin sa kanilang ang Diyos ay tulad ng mansanas na iyon. Ang DIYOS ay apelyido, kaya't ang buong mansanas ay kumakatawan sa Diyos. Ang Ama ay maaaring kinakatawanan ng ubod, and Anak ay ang bahaging may laman, at ang Espiritu Santo ay ang balat. Pagkatapos ay tatanungin ko ang aking mga anak kung kanilang naunawaan. Ang sagot ay parating magkatulad: sila'y titingin sa akin na may pagtataka sa kanilang mga mata at iiling habang nagsasalita ng "hindi". Ang aking kasagutan ay paulit-ulit lamang na: "ayos lang iyon mga anak, wala talagang nakakaunawa sapagkat 'ang Diyos ay misteryo'. Ngayon ako'y nagsimulang mamangha.Totoo kayang misteryoso ang Diyos? Paano natin Siyang paglilingkuran kung hindi man lamang natin Siya nakikilala? Kailangan kong malaman ang mga kasagutan sa mga katanungang sunod-sunod na nag-uunahan sa aking pagiisip. Sa araw na yaon, ako at ang aking asawa ay nagsimulang magsaliksik na nagdala sa amin ng pinakamayamang katuwaan na aming naranasan. Habang aming sinusubukang isantabi ang mga natutunang mga kaisipan at tapat na nagsaliksik ng

Kasulatan, kapayapaan at katuwaan ang pumuno sa aming mga puso na hindi pa namin nararasan sa mga nakaraang panahon. Ang Diyos ng Langit ay naging tunay sa amin, at ang Kaniyang pag-ibig na nagkaloob ng Kaniyang Anak ay pumuno sa aming mga buhay.

Si Bob at ako ay nais magbahagi sa inyo ng aming natuklasan sa aming pagaaral. Hindi namin nais ang magsimula ng anumang kaguluhan o maging dahilan ng pagkakabahagi, kundi upang ibahagi ang pagkaunawang tumulong sa aming makita ng mas malinaw ang nakakamanghang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan. Kami'y nananalangin na inyo ring makita ang payak na katotohanan tungkol sa Diyos at kay Cristo na malinaw na ipinahayag sa Kaniyang Banal na Salita, at maunawang mas malinaw ang tama at mataas na katungkulang Kanilang tinataglay. Bawat isa sa atin ay dapat mag-aral ng Biblia para sa ating mga sarili. Dapat mabuo ang ating paniniwala, hindi dahil sa kung ano ang sinasabi ng iba tungkol sa Biblia, o kung ano ang ginagawa ng karamihan, kundi sa batay sa tama at matibay na Salita ng Diyos.

Hanggang sa may makipagtunggali sa ating pinaniniwalaan, hindi natin matatanto ang ating kahinaan. Amin kayong hinahamon sapagsaliksik ng Kasulatan tulad sa hindi pa ninyo nagagawa sa nakaraan. Mag-aral kayo para sa inyong mga sarili; patunayan ang lahat ng mga bagay, at katulad ng mga taga Berea sa nakalipas na panahon, subukin ninyo kung "ang mga bagay na ito ay tunay." Nawa'y bigyan kayo ng mas malinaw na pagkaunawa ng Diyos at punuin ang inyong mga puso ng may malalim na pagkilala sa katuwaan at pagpapasalamat tulad ng sa amin! Pagpalain nawa kayo ng Maykapal sa inyong pagsasaliksik.

ANG TRINIDAD (TRINITY)

Ang aral ng Trinidad ay ang pundasyon kung saan halos lahat ng sangkakristiyanuhan at nakasalig. Upang maging kaanib ng World Council of Churches ang isang samahan ay dapat magpakita ng paniniwala sa aral na ito. Ating alamin kung ano ang tunay na itinuturo ng Trinidad at saan ito nagmula. Sa aking pakikipagusap sa mga mananampalataya ng iba't ibang relihiyong Kristiyano, mas naging malinaw sa akin na kakaunti lamang ang tunay na nakakaalam ng ibig sabihin nito.

Kung ating isasangguni kaninuman ang buod ng pananampalataya ng iba't ibang kilalang relihiyon ngayon, masusumpungan nating pinaniniwalaan nila ang aral na ang Iisang Diyos ay binubuo ng tatlong magkakaibang persona. Sa ating pag-aaral ng iba't ibang paglalarawan, ating natagpuan na itinuturo ng Trinidad ang mga sumusunod:

Three beings who are co-eternal *(sabay sabay na walang pinagmulan)*
Three beings who are immortal *(walang kamatayan)*
Three beings who are all-powerful, all-knowing, etc. *(makapangyarihan sa lahat, alam ang lahat, atbp.)*
Three beings who are worthy of worship and praise *(dapat sambahin at purihin)*
Three beings, each acting out a different role *(gumaganap ng iba't ibang gampanin)*

Halimbawa, ayon sa Catholic Encyclopedia:

"... ang Ama ay Diyos, ang Anak ay Diyos, at ang Banal na Espiritu ay Diyos, ***ngunit walang tatlong mga Diyos maliban sa iisang Diyos… ang mga Persona ay co-eternal at co-equal:*** *lahat ay magkakatulad na hindi linalang at makapangyarihan."*

Halos ang buong Kristiyanismo ay magkakatulad ang pagkaunawa saTrinidad; mayroon din namang may kaunting pagkakaiba ang ilan.

Kung titingnan ng mas malapitan, makikita natin kung ano ang tunay na sinasabi. Kung lahat ng tatlong miyembro ng Pagkadiyos (Godhead) ay walang hanggan, ibig sabihin silang lahat ay nabuhay sa buong walang hanggan bilang magkakaibang persona. Dapat sila ay magkakasing gulang. Kung tunay na magkasing gulang sila, ang mga **titulo** na kanilang tinataglay ay nagpapakita lamang ng **ginagampanan nilang bahagi sa pagsasagawa ng plano ng pagtubos**. Ang mga titulong ito ay hindi maaring iturin na literal. Halimbawa: **ang Anak ng Diyos, ay hindi tunay na Anak ng Diyos; Siya ay miyembro ng Pagka diyos (Godhead) na gumaganap ng bahagi bilang Anak. Ang**

Ama ay hindi tunay na Ama ni Jesus; Siya ay kaanib ng Pagka diyos na gumaganap ng bahagi bilang Ama.

Ang ipinapahiwatig ng turong ito ay malalim kung iyong iisipin. Ang Kasulatan ay paulit-ulit na nagpapahayag na **ipinagkaloob ng Diyos ang Kaniyang Anak** upang mamatay para iyo at sa akin, subalit ang Trinidad ay nagsasabing si Jesus ay hindi tunay na Anak. Ang mga naniniwala saTrinidad ay magsasabing si Jesus ay "tinawag" na Anak dahil isinilang Siya sa Bethlehem subalit **hindi Siya tunay na Anak sa langit bago Siya bumaba sa lupa.**

Sa pinaikling salita, ito ang turo ng Trinidad:

"Mayroong iisang Diyos: Ama, Anak at Espiritu Santo."

Tatlong tanong ang nais nating itanong sa ating mga sarili, **"Ang turo bang ito tungkol sa Diyos ay nagmula sa simula ng panahon, ito ba ay ayon sa Biblia, at ito ba ay makabuluhan"?**

Saan ito nagmula?

Iyong matatagpuan sa alinmang mapagkakatiwalaang encyclopedia na ang aral na ito ay sinimulang buuhin, upang maging bahagi ng Kristiyanismo, sa Konseho ng Nicea noong 325 AD. Ito ay nagpatuloy sa kasalukuyang anyo animnapung taon ang nakalipas pagkatapos ng Konseho ng Constantinople. Maaalaala ng mga nakapagaral ng kasaysayan ng iglesia na ito ay nangyari sa panahon na ang Iglesia sa Roma ay umuusbong bilang kapangyarihang namamahala sa buong sangkakristiyanuhan. Ang mga mananaliksik ng Biblia ay nagbigay tanda sa aklat ng Apocalipsis, sa kabanatang 2 at 3, na ang Diyos ay nagpakita ng larawan ng ibat ibang bahagi sa kasaysayan ng Iglesiang Kristiyano. Ang Konseho ng Nicea noong 325 AD ay dumating sapanahong ang iglesia ay kinakatawanan ng Pergamo. Ang iglesiyang nagsimula bilang dalisay (kinakatawanan ng Efeso), ay tumungo sa pag-uusig (Smyrna), subalit ngayon ay humihina dahil sa pakikipagkasundo sa paganismo. (Pergamo)

Dapat nating alalahaning ang Kristiyanismo ay napapaligiran ng mga relihiyong pagano, at ang mga ito ay sumasamba sa maraming mga diyos. Ipinakikita ng kasaysayan na may isang iglesia, dahil sa pagnanais niyang mas maging kaakit-akit sa mga paganong nakapaligid sa kaniya, ay tumanggap ng pagkaunawa sa Diyos na nasa kalaliman ng paganismo sa bandang huli. Binigyang diin ng isang may akda, naang Trinidad ay nagmula sa Persian Trident. Ang iba naman ay nagsasabing galing ito

saIndia dahil sa Trinidad nina Brahma, Siva at Vishnu; sa relihiyon sa Egypto naman ang Trinidad nina Osiris, Isis at Horus. Nais bigyang diin ng mga mananaliksik na ito na ang Trinidad ay nagmula sa paganismo. Kung ating babalik aralan ang karamihan ng sinaunang kultura, paulit ulit nating matatagpuan na ang diyos ng mga pagano ay sinasamba sa tatlo o Trinidad.

> *"Kung ang paganismo ay nasakop ng Kristiyanismo,* ***katotohanan rin namang ang Kristiyanismo ay sinira ng paganismo.*** *And purong Deismo (paniniwala sa Diyos base sa katwiran lamang at hindi isinasali ang pagsisiwalat)ng sinaunang mga Kristiyano ... ay pinalitan, sa pamamagitan ng Iglesia sa Roma, tungo sa hindi mauunawaang dogma ng Trinidad…"(History of Christianity,* Edward Gibbons)

Maaaring may magtanong kung ang bansang Israel sa panahon ni Cristo, o kahit na anumang panahon tungkol sa bagay na ito, ay naniwala na ang Diyos ng langit ay Trinidad. Bigyang pansin ang sumusunod na pahayag:

> *"…Subalit ang lahat ng ito ay inakala, sapagkat tiyak na* ***hindi kailanman nagkaroon ng ganoong aral ang Iglesia ng mga Judio****. Ayon kay Mr. Summerbell; isang kaibigan ko na pumunta sa New York Synagogue, ay nagtanong sa isang Rabbi upang ipaliwanag ang katagang 'Elohim.' Isang klero na naniniwala sa Trinidad ang tumayo sa nagsabing: "Bakit iyan ay tumutukoy sa tatlong persona ng Trinidad", isang Judio ang tumayo at nagbigay ng saway na* ***huwag na niyang muling babanggitin ang katagang iyon, kundi ay mapipilitan silang palabasin siya;*** *sapagkat hindi pinahihintulutang magbanggit ang* ***anumang pangalan ng ibang diyos sa sinagoga.****(Review and Herald,* Nov. 5, 1861)

Simplelang naman ang punto, hindi nakikita ng mga Judio ang Trinidad bilang katotohanang mula sa Biblia, bagkus ay pagkaunawang pagano. Mahalagang bigyang pansin na maaari mong basahin ang Biblia mula Genesis hanggang Apocalipsis at hindi ka kailanman makakasumpong ng katagang "Trinidad". Nakakapagtaka rin na marami ang sumasang-ayon na ang Lumang Tipan ay hindi nagtuturo ng Trinidad.

Ayon sa Encyclopedia of Religion:

> *"Nagkakaisa ang mga dalubhasa sa relihiyon ngayon na ang Bibliang Hebreo ay hindi naglalaman ng doktrina ng Trinidad."*

Kahit na ang New Catholic Encyclopedia ay nagsasabi:

> *"Ang doktrina ng Trinidad ay hindi itinuturo ng Lumang Tipan."*

Nagdadala ito sa atin ng malaking suliranin: kung ang mga dalubhasa sa relihiyon ay tumatanggap na ang Lumang Tipan ay hindi nagtuturo ng Trinidad, nagkaroon kaya ng kaunting pagbabago sa Diyos? Noong si Cristo ay narito sa lupa at madalas na nagsasalita ayon sa Kasulatan (Lumang Tipan), ay nabanggit man lamang ba Niya na ang Diyos ay Trinidad? Ang katotohanan ay maari mong sundan ang buhay ni Cristo mula sa sabsaban hanggang sa libingan, subalit hindi Niya kailanman nabanggit na ang Diyos ay Trinidad. Ni hindi rin ito nabanggit ng sinumang may akda ng mga aklat sa Bagong Tipan.

Ayon sa New Encyclopedia Britannica:

> *"Walang nabanggit nakatagang Trinidad ni ang malinaw na doktrina nito ang makikita sa Bagong Tipan."*

Sa katotohanan, kung ating babalikan ang mga sinaunang Kristiyanong manunulat noong unang tatlong siglo – mula sa panahon ng mga alagad hanggang sa simula ng ikaapat na siglo –matatagpuan natin ang mga sikat na tagapagturo ng relihiyon, katulad nina Justin Martyr, Origen at Ireneus, ay hindi rin nagturo ng Trinidad.

Ang doktrinang ito na tatlong iisang diyos, na nag-ugat mula sa paganismo, ay tinanggap sa Kristiyanismo sa pamamagitan ng Iglesia sa Roma. Katulad ng ating nabanggit, matatagpuan ang simula nito sa Konseho ng Nicea noong 325 AD, nang ang Emperador Constantino ay nagdala ng paganismo sa iglesia sa pamamagitan ng kompromiso. Ang doktrinang ito ay naging pangunahing doktrina ng pananampalatayang Romano Katoliko, at sa katunayan, ang basehan ng halos lahat na nagpapanggap na Kristiyano ngayon.

> *"Ang misteryo ng Trinidad ay ang* ***pangunahing doktrina ng pananampalatayang Romano Katoliko. Dito nakasalig ang lahat ng iba pang mga aral ng simbahan."****(Handbook for Today's Catholic, p. 11)*

Ang pahayag na ito ay dapat magtaas ng alarma sa ating mga pag-iisip. Kung ang doktrina ng Trinidad ay tunay na nag-ugat mula sa paganismo at hindi tiyak na itinuturo saanman sa Luma at Bagong Tipan, hindi ba natin dapat pagdudahan ang doktrinang ito na sinasabing pangunahing doktrina at basehan ng **lahat ng mga aral** ng Katolisismo? Sa katotohanan, halos lahat ng mga Kristiyano ngayon ay magkakaroon ng magkakatulad na pahayag patungkol sa doktrina ng Trinidad.

Nakakapagtakang isipin na ang lahat ng mga pangunahing relihiyon ay nagsimula sa mga repormador na **tumututol** laban sa Katolisismo. Karamihan sa kanila ay nagsabing ang sistema ng pagsamba ng mga Katoliko ay sistema ng antikristo, at ang Papa ang siyang antikristo. Si Martin Luther ay isa sa mga repormador na ito. Subali't ngayon, halos lahat ng Kristiyanismo ay sumusunod sa Roma sa maraming bahagi ng kanilang mga aral. Ang doktrina ng Trinidad ay isa sa mga bahaging ito. Ang Iglesia sa Roma ang nagpasimula ng doktrinang ito na siyang pinakasandigan ng buong sistema ng Katolisismo.

Ano ang ilang mga aral ng pananampalatayang Katoliko ang nakaugat sa doktrina ng Trinidad? Sa isang sulyap ay makikita ang mga sumusunod: ang walang kamatayang kaluluwa, ang misa, purgatoryo, ang hindi nagkakamaling Papa, panalangin sa mga santo, walang hanggang impiyerno, ang kakayanan ng mga pari na magpatawad ng mga kasalanan, ang sakdal na pagbubuntis, ang Eucharist, kaligtasan sa pamamagitan ng gawa, at ang kabanalan ng Linggo. Ito pa lamang ay dapat ng magdala ng malaking tanong sa ating mga isip. Ang mga aral bang ito ay matatagpuan sa Biblia?

Maaari kayang tayo sa sangkakristiyanuhan ay tumanggap bilang isang doktrina, ng maling turo ukol sa Diyos dahil ito ay ipinamana sa mahabang panahong lumipas? Natulad kaya tayo sa mga hipon na nag-iisip na sila ay nasa tama bagaman sa katotohanan sila ay nakabaliktad? Siyasatinnating mabuti ngayonkung ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa nakamamanghang pag-ibig ng Diyos. Ikaw ang magpasya.

ISANG DIOS

Nang iniligtas ng ating dakilang Dios ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Ehipto, inakay sila patungo sa Dagat na Pula at dinala sa paanan ng Bundok ng Sinai,pinagbilinanNiya ang mga ito na magpakabanal sapagkat mayroon siyang napakahalagang bagay na sasabihin. Ito rin ang panahon na si Moses ay umakyat sa taluktok ng bundok upang tanggapin ang mga tagubilin para sa mga tao. Ipinagkaloob ng Dios kay Moses ang mga tapyas na bato na kung saan inukit ng kanyang sariling daliri ang kautusan na dapat isakabuhayan ng Kanyang bayan. Sa Exodo 20 ating mababasa:

> *"At sinalita ng Dios ang lahat ng salitang ito, na sinasabi,* ***Ako ang Panginoon mong Dios,*** *na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin.****Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko****."(*Exodo 20:1-3)

Ang Israel ay kalalaya pa lamang sa lupaing maraming dios-diosan ang sinasamba, kaya ang Dios ng kalangitan ay kaagad pinaalalahanan ang kanyang bayan na mayroon lamang **iisang tunay na Dios.**Ang katotohanan na may iisang Dios lamang ay ang pinakapangunahing kautusan ng mapagmahalna Dios para sa kanyang bayan.Ito ang magiging pangunahing saligan ng lahat ng kanilang pagsamba.

Sa panahong naglalakbay ang Israel sa ilang, tila ang Dios ay patuloy na nagpapaalala sa kanila ng napakahalagang puntong ito ng paulit ulit, at nang sa huli ay handa nasilang pumasok sa lupang pangako, ang Panginoon ay nagpaalala muli sa kanila ng katotohanang ito:

> ***"****Sa iyo ipinakita ito, upang iyong makilala na* ***ang Panginoon ay siyang Dios; wala ng iba liban sa kaniya."*** (***Deuteronomio*** 4:35)

At muli, bago bigkasinni Moses ang utos ng Dios na sakupin ang Canaan sinabi niya:

> *"Dinggin mo, Oh Israel:* ***Ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon."*** (Deutoronomio 6:4)

Mapapansing ang paniniwala sa maraming dios ay malalim na isinasaalang-alang ng Panginoon;labis ang Kanyang pagpapahalaga kaya palagi Niyang pinaaalalahanan ang kanyang bayan, nang paulitulit, na mayroon lamang **isang Dios.** Nais Niyang ingatan ang Kanyang bayan nahuwag mapunta sa pagkakaroon ng katulad ng paganong-uri ng pagsamba sa maraming dios na nakapalibot sa kanila. Pansinin ang pahayag na ito:

"Lubosna pagsamba sa dios-diosan ang pagkilala ng Babilonia sa Makadiyosna pagkakaisa, na si Jehova, ang buhay na Dios, ay tinuligsa ng labis ang kanyangbayan sa anumang pagbibigay pansin dito…Sa pagkakaisa ng iisang Dios ngmga taga Babilonia, ito'y mayroong tatlong persona, at upang bigyang tanda ang doktrina ng Trinidad ay kanilang nilagay, tulad ng pinatunayan ng natuklasan ni Layard, angpantay ng tatsulok, tulad din naman ng pagkakilala ng simbahang Romano sa panahong ito." (The Two Babylons, p.16)

Batid ng Panginoon na sa paligid ng kanyang piniling bayan ay mga paganong katuruan tungkol sa maraming dios; kaya ang paalala, "Mayroon lamang iisang Dios." Sa kaisipan ng mga Hudio hanggang sa ngayon, may iisang Dios. Ang kaisipan ng isang Dios na binubuo ng tatlong indibidwal na persona ay, kakaiba sa kanilang isipan.

Ating tingnan ang ilang mga talata sa Bagong Tipan. Ang Dios ng Lumang Tipan at Dios ng Bagong Tipan ay tunay na magkatulad!!!

"… Ano baga ang pangulong utos sa lahat? Sumagot si Jesus, ***Ang pangulo ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang Panginoon nating Dios, ang Panginoon ay iisa:…****At sinabi sa kanya ng eskriba, sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi mo na siya'y iisa, at wala na liban sa kaniya:"* (Marcos 12:28-32)

Si Jesus mismo ang nagsasabi sa atin na mayroon lamang iisang Dios! Ang dakilang Apostol Pablo ay nagsabi ng gayunding katotohanan:

"Ngunit sa ganang atin ay may ***isang Dios lamang, ang Ama,*** *na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay at tayo'y sa kaniya; at* ***isa lamang Panginoon, si Jesucristo,*** *na sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya."* (1 Mga Taga Corinto 8:6)

"May isang katawan, at isang Espiritu, gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang pagasa ng pagtawag sa inyo.; ***isang Panginoon,*** *isang pananampalataya, isang bautismo,* ***Isang Dios at Ama ng lahat, na siyang sumasa ibabaw sa lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat"***(Mga Taga Efeso 4:4-6)

Sapagkat may ***isangDios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao,*** *ang taong si Cristo Jesus;"* (1 Kay Timoteo 2:5)

Ano ang nais ipaalamni Apostol Pablo sa atin? Una sa lahat, kanyang ipinagdiinan na **may isang Dios- Ang Ama. Sa pagpapatuloy ay sinabi sa atin na ang lahat ng bagay na lumitaw ay nagmula sa iisang Dios. Ang Ama!** Ang isang Dios na ito ay ang pinagmumulan ng lahat ng buhay at kapangyarihan. Kanya rin naman inihayag na may isang **Panginoon, si Hesu-Cristo,** na sa pamamagitan niya ginawa ang lahat ng mga bagay. **Si Jesus, ang nagdudugtongsa pagitan ng Langit at lupa—ang ating tagapamagitan. Sa pamamagitan ni Jesus,ang Dios at ang tao ay muling napagkaisa.**

Si Jesus din naman ay nagdiin ng gayunding katotohanan na may iisang Dios lamang—ang Ama—at ang buhay na walang hanggan ay ang makilala nila ang Dios na ito at si Jesus na Kanyang isinugo. Sa tanyag na panalangin sa Juan 17 ating mababasa:

> *"At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay* ***makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong isinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."***(Juan 17:3)

Wika ni Santiago:

> ***"Ikaw ay sumasamapalataya na ang Dios ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa:*** *ang mga demonio man ay nagsisisampalataya, at nagsisipanginig."* (Santiago 2:19)

Maging ang mga diablo ay nakaaalam na may iisang Dios lamang. Ang Kasulatan ay payak na nagtuturo na may iisang Dios lamang. Walang binabanggit ang mga taga sulat ng Biblia na ang isang Dios ay binubuo ng tatlong magkakaibang persona. **Sinasabi ng mga Trinitarian na may "iisang Dios; Ama, Anak, Banal na Espiritu." Sinasabi ng Kasulatan na may iisang Dios, ang Ama.**

ANG ANAK NG DIOS

Kung may isang Dios, ang Ama, *"na buhat sa kanya ang lahat ng mga bagay"* gaya ng itinuturo ng Kasulatan, sino naman si Jesus? Ano ang kanyang relasyon sa Ama? Siya ba ay may Pagkadiyos, o siya ba'y mababang uri gaya ng turo ng iba? Siya lamang ba ay dakilang guro?

Ito maari ang mga tanong na bumabagabag sa isip ng taong nagngangalang Nicodemo, isang Pariseo. Sa Juan 3, may salaysay na kaugnay sa atin. Sa malalimna bahagi ng gabi ang pinunong ito ng simbahan ay tahimik na nagtungo sa hardin na kung saan alam niyang matatagpuan si Jesus. Ikinakatakot ni Nicodemo na siya ay makitang kasama ng tanyag na guro, ngunit may kung anong bagay ang nasa sa taong si Jesus na kakaiba. Nais niyang malaman kung sino talaga Siya.Sinimulan ni Nicodemo ang usapin:

> *"Rabi, nalalaman naming ikaw* ***ay isang guro nanagbuhat*** *sa Dios; sapagka't walang makagagawa ng mga himala na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya ang Dios*." (Juan 3:2)

Tila sinasabini Nicodemo kay Jesus, "Sabihin mo sa akin sino kang talaga!" Sino itong **guro mula sa Dios** at bakit siya naririto? Sino ang taong ito na ang tubig ay nagagawang dalisay na katas ng ubas na wala pang sinomang nakatikim? Sino ang taong ito na may tapang na sawatain ang pagsalangsang na ginagawa sa templo? Sino ang taong ito na kayang pagalingin ang may sakit at makapagbangon ng patay? Sino ang taong ito na nakapagsasalita ng mainam patungkol sa langit, na para bang naparoon na mismo Siya? Sino ang taong ito na tinawag Niyang Ama ang Diyos? Sino Siya at bakit Siya naparito?

Sa pagpapasimula ng pagsagotsa mga katanungang ito, ating balikan ang panahong walang hanggan sa lugar na tinatawag na Langit. Ang susi sa pag-unawa kung sino si Jesus, ay nangangailangan na maunawaannatin ang kaguluhang naganap sa Langit bago pa likhain ang sanlibutan.

Ang lahat ay payapadoon sa lahat ng mga naninirahan sa napadakilang lugar na ito hanggang isang araw ay maykaguluhang lumitaw. Isa sa mga anghel na ginawa ng Dios ay nagpasimulang magpakita ng tanda ng paghihimagsik. Malinaw, ito ay isang misteryo kung paanong ang isang nilalang, na ginawang sakdal ng kamay ng Dios, ay magkasala;subalit ang Kasulatan ay nagsasabi na ito ay tunay na nangyari.

"Iyong tinatatakan ang kabuuan, na puno ng karunungan, at sakdal sa kagandahan. Ikaw ay nasa Eden, na halamanan ng Dios; lahat na mahalagang bato ay iyong kasuutan, ang sardio, ang topacio, at ang diamante, ang berilo, ang onix, at ang jaspe, ang zafiro, ang esmeralda, at ang karbungko, at ang ginto: ang pagkayari ng iyong pandereta at iyong mga plauta ay napasa iyo; sa kaarawan na ikaw ay lalangin ay nangahanda. ***Ikaw ang pinahirang kerubin na tumatakip: at itinatag kita, na anopa't ikaw ay nasa ibabaw ng banal na bundok ng Dios****; ikaw ay nagpanhik manaog sa gitna ng mga batong mahalaga.****Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang sa ang kalikuan ay nasumpungan sa iyo.****Dahil sa karamihan ng iyong kalakal ay kanilang pinuno ang gitna mo ng pangdadahas, at ikaw ay nagkasala: kaya't inihagis kitang parang dumi mula sa bundok ng Dios; at ipinahamak kita, Oh tumatakip na kerubin, mula sa gitna ng mga batong mahalaga.* ***Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan; iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan..."***(Ezekiel 28:12-17)

Ating nalaman ang iba pang kagilagilalas na katotohanan kung paanong nagpasimula ang kasalanan sa bahaging ito ng Kasulatan. Makikita natin na ang ***"kerubin na tumatakip,"*** na isa na nakatayong katabi ng Dios, ay ang nilalang na siyang nagsimulangnamnaminsa isipang kasalanan. Ang tinatawag na Lucifer, ang nagpasimulang maghasik ng butil ng pagmamataas na lumago sa hayagang paghihimagsik laban sa Manlalalang.

"Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa! ***At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios; at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan: Ako'y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako'y magiging gaya ng Kataastaasan."***(Isaiah 14:12-14)

Sa Kasulatan ay napakalinaw sa kung ano ang ninanais ni Lucifer: Ninanais niya na maging kapantay ng Dios. Hangad niya na makaupo sa mga konseho ng Langit na para bang siya'y isang Dios. Nakakamanghang isipin na ang isang nilalang, na ginawa ng Dios, ay maghangad na sambahinkatulad mismo ng Dios! Sa katunayan ang mga bagay ay hindi nagkaroon ng malaking pagbabago mula noon. Maging sa ngayon, sa pamamagitan ng Bagong Kapanahunang (New Age) mga katuruan, ang mga tao ay nagsusumikap na maging dios. Ngunit, ito ang kaisipang nagdala ng lahat na kahirapan na ating nakikita sa sanlibutan. Bakit hindi nakuntento si Lucifer sa pagiging pinakamataas sa lahat ng mga anghel? Ano ang nagtulak sa kanya para nasain na sambahin bilang Dios? Ako ay naniniwala na mahalaga para sa atin na maunawaang

lubos ang tunay na suliranin ni Lucifer, dahil sa kaguluhangiyon, na nagsimula sa Langit, ay katulad ng nangyayari rin sa ngayon. Ngayon ay atin namang tingnan ang ibang persona na nasa Langit kasama ng Dios sa panahong si Lucifer ay nagpasimulang maghasik ng butil ng paghihimagsik—ang Anak ng Dios, na tinawag na Miguel (nangangahulugang "isang gaya ng Dios"). Tingnan ang (Judas 9; Apocalipsis12:7-9) si Miguel ay tinawag na Jesus nang siya'y nabuhay sa lupa. Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa kaniya?

> **Juan 1:1-3***"Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Dios, at ang Salita ay Dios. Ito rin nang pasimula'y kasama ng Dios. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya."*

Ang Kasulatan ay nagsasabi sa atin na si Jesus, bilang Miguel, ay lumitaw kasama ng Dios bago ang lahat ng paglalang. Siya ang**"Salita,"** o ang "tinig" ng Dios. **Kung paanong ang salita sa kaisipan gayundin naman si Kristo sa Ama.Si Jesus ang Kadiosan** na nahayag sa atin. Siya ang pagpapahayag, o ang katibayan, ng Ama at tinatawag na "Salita." Si Jesus ay Anak ng Dios sa Langit bago pa man siya naparito sa lupa. Siya si Hesus (Miguel)na, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, ay nilalang ang lahat.

> **Kawikaan 30:4***"Sino ang sumampa sa langit, at bumaba? Sino ang pumisan ng hangin sa kaniyang mga dakot? Sinong nagtali ng tubig sa kaniyang kasuutan? Sinong nagtatag ng lahat ng mga wakas ng lupa?* ***Ano ang kaniyang pangalan, at ano ang pangalan ng kaniyang anak kung iyong nalalaman?"***

Ang Dios ay may Anak, at ang Anak na ito ay lumitaw na kasama Niya sa panahon ng walang hanggan bago likhain ang sanlibutang ito. Ang Dakilang Manlalalang (Ang Ama) ay may kasangguni sa paglalang ng ating mundo; ito ang Kanyang Anak.

> **Kawikaan 8:22-30*****"Inari ako ng Panginoon sa pasimula ng kaniyang lakad, bago pinasimulan ang kaniyang mga gawa ng una. Ako'y nalagay mula noong araw mula ng walang pasimula, bago nalikha ang lupa. Ako'y nailabas ng wala pang mga kalaliman; nang wala pang mga bukal na sagana ng tubig. Bago ang mga bundok ay nalagay, bago ang mga burol ay ako'y nailabas:*** *Samantalang hindi pa niya nililikha ang lupa, ni ang mga parang man, ni ang pasimula man ng alabok ng sanglibutan.* ***Nang kaniyang itatag ang langit nandoon ako:*** *nang siya'y maglagay ng balantok sa balat ng kalaliman: Nang kaniyang pagtibayin ang langit sa itaas, naroon ako: nang maging matibay ang mga bukal ng kalaliman….* ***Nasa siping nga niya ako na***

***gaya ng matalinong manggagawa: at ako ang kaniyang ligaya sa araw-araw, na nagagalak na lagi sa harap niya;*"**

Si Jesus, ang Sariling Anak ng Dios, ay tumayong kasama ng Ama sa paglalang ng sanlibutan. Ayon sa NKJV, "Ako ay kasama niya bilang punong manggagawa." Si Jesus ay isinilang bilang Anak ng Diyos sa walang hanggang panahong nakalipas. Hindi mababasa sa Kasalutan kung **paano** ito naganap ngunit ito ay nangyari na lamang. Ang salitang "nailabas", sa Hebreo, ay nangangahulugang "likuin o paikutin," 'dalahin" "ilabas" "hubugin" "maghirap". Marami ang nag iisip na ang siping ito ay tumutukoy sa "karunungan" at hindi marapat na gawing literal na tumutukoy sa paglitaw ni Jesus. Subalit, kailangan nating alalahanin na si Jesus ay Karunungan.

> *"Nguni't sa kanila na mga tinawag, maging mga Judio at mga Griego, si Cristo ang kapangyarihan ng Dios,* ***at ang karunungan ng Dios"*** (1 Mga Taga Corinto 1:24)

Ang pagtatalo na nagpasimula sa Langit ay dahil mismo sa usaping ito. Si Kristo, Ang Anak ng Dios, ay ang tanging persona (*only being*) sa buong kalawakan na dinala sa konseho ng Ama. Si Kristo lamang ang siyang lumalang ng sanlibutan na kasang-ayon sa Dios. Si Lucifer,kung inyong maaalaala, ay inakala na dapat makasama siya sa mga desisiyon ng Kadiyosan, ay nagalit na ang Anak ng Dios ay dinala sa konseho ngunit siya, ay hindi sinangguni. Bilang bunga, Si Lucifer ay tinanggihan ang kaisipang si **Jesus ay ang literal na Anak ng Dios. Si Jesus ay Banal; Siya ay Anak ng Dios. Walang ibang persona ang makagagawa ng gawain ni Kristo.** Si Lucifer ay naghahangad na makasama sa konsehong iyon upang gumawa ng "Trinidad" ng tatlong persona na karapatdapat na sambahin at papurihan, ngunit **paanong magiging kapantay ang isang nilalang ng kanyang Manlalalang?Ang kasagutan ay napakadali. Hindi siya maaari.** Kaibigan, panatilihin natin ang kaisipang iyan sa patuloy nating pagaaral dahil ito ang pinakaugat ng buong usapin tungkol sa konsepto ng Kadiosan. Ating ipagpatuloy ang ating pag-aaral tungkol kay Jesus at tingnan natin kung ano pa ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa Kaniya.

> **Juan 3:16***"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang nag-iisang (only) isinilang(begotten) na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*

Alalahanin natin na ang Ama ay **ibinigay** ang Kanyang isinilang na Anak upang mamatay para sa atin. Si Jesus ay hindi **naging**isinilang na anak, gaya ng tinuturo ng mga Trinitarian, noong Siya ay ipinanganak bilang sanggol sa Betlehem. Si Jesus ay

lumitaw sa Langit bilang **nag-iisang isinilang na Anak** (*only-begotten Son*) bago siya naparito sa lupa.

> **1Juan 4:9***"Dito nahayag ang pag-ibig ng Dios sa atin,* ***sapagka't sinugo ng Dios ang kaniyang nag-iisang isinilang na Anak sa sanglibutan*** *upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya."*

Muli ay gayunding kaisipan ang ibinigay—na ang Dios ay nagsugo ng Kanyang "nag-iisang isinilang na Anak."

> **Juan 1:14*"At nagkatawang-tao*** *ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa* ***nag-iisangisinilang ng Ama),*** *na puspos ng biyaya at katotohanan."*

"Ang Salita, ang Karunungan ng Dios, nagkatawang tao at tumahan sa gitna natin! Ito ang kaisa isang Anak ng Dios na naparito upang gawin ang mga ito; Siya rin ang Anak na kinaiinggitan ni Lucifer, dahil sa pakiramdam niya ay dapat syang iturin na gaya kay Jesus.

Marami ang namamangha kung ano ang kahulugan ng "only begotten".

Begotten: nanggaling sa salitang Griyego na **"*monogenes*."** Ayon sa Strong's concordance ito ay nangagahulugang "only born"(nagiisang isinilang) "*only(begotten, child*)."(nag iisang isinilang na anak). May mga tao na naniniwala na si Jesus ay "nilalang" lamang, na magiging dahilan na hindi siya Dios sapagkat siya ay magiging katulad ng mga anghel. Ngunit ang Biblia ay **hindi nagsasabi** na si Jesus ay "nilalang" sinasabi nito na **siya ay "isinilang" (*begotten*)".** Ang dalawang salita bang ito ay magkatulad? Ang kasagutan ay walang tutol na "hindi". **Ang paglalang ay nangangahulugang "paggawa ng bagay na hindi pa nagagawa"** (*World Book Dictionary*) Ang mga anghel ay nilalang, ang daigdig ay nilalang, ang tao ay nilalang; at ang Manlalalang ay ang Ama, gumagawa sa pamamagitan ng kanyang Anak**. Ang Biblia ay nagsasabing si Jesus ay isinilang na Anak,nangangahulugang siya ay nagmula mismo sa persona ng Ama. Si Kristo ay ang katulad na kalamnan (*substance*) ng Ama… sa ganitong paraan, Siya ay Dios. Ang kadiyusan ay hindi nangangahulugang si Kristo ay kasing tanda ng kanyang Ama, ngunit siya ay may katangian ng Pagkadiyos.** Mayroong napakalaking pagkakaiba sa mga salitang "nilalang"(*created*) at "isinilang"(*begotten*)." Ang ilan naman ay sinubukang tanggihan ang pagiging literal na Anak ni Kristo sa pagsasabing ang salitang "isinilang"(*begotten*) ay nangangahulugang "bukod-tangi"(*unique*)." Dahil dito sinasabi ng mga Trinitarian na si Kristo ay ang "nag iisang bukod-tangi"(*unique One*)," dahil siya ay ipinanganak sa

Betlehem. **Subalit, kailangan nating alalahanin na ang Kasulatan ay nagsasabi sa atin na ang isinilang na Anak ang ibinigay**. Ito ang magpapakita na si Jesus ay isinilang sa Langit at lumitaw bago siya naparito sa lupa. Tunay, walang sinuman ang sasalungat na si Jesus ay ang "nag-iisang bukod-tangi"(*unique One*), sapagkat Siya ang nag-iisang Anak ng Dios ng buong Kalawakan.

Muli't muli aking napakinggan ang sinasabi na ang ebanghelyo ay napakapayak na maging bata ay mauunawaan. Ako ay naniniwala doon. Ikaw rin ba? Kaya, kung ito ay simple na kayang maunawaan ng bata, hindi ba't ang katanungang ito ay maibabato sa katuruan ng Trinidad? Hindi lamang ang mga bata ang hindi makaunawa nito; maging ang ating mga dalubhasang guro ay hindi ito maipaliwanag. Subalit,**ang kaisipang ang Dios ay nagsugo ng kanyang Anak sa lupang ito para mamatay para sa iyo at sa akin ay madaling maunawaan kapag ating paniwalaan ang simpleng talata sa Biblia na si Jesus ay tunay na Anak ng Dios; hindi isa sa tatlong misteryosong persona na bumubuo sa"isang Dios."** Isa sa mga pinakamalaking suliranin na kinaharap ng ating mga misyonaryo sa nakaraan, ay ang pangangaral sa mga bansang Muslim sa buong mundo. Isang lider sa dibisyon ng manggagawa ay nagtaka sa mabagal na paglago ng Kristiyanismo na nangyayari sa lahing ito. Habang kaniyang pinag-aaralan ang problema, napagtanto niya na napakahirap sa kaisipan ng mga Muslim na tanggapin ang katuruang ang Dios ay "Trinidad," sapagkat para sa kanila, tulad ng sa mga Judio, mayroon lamang isang Dios. Ang katuruan ng Trinidad ay nakakalito. Dito nagsimulang saliksikin ng misyonerong itoang Biblia, at kanyang napatunayang tama na may isang Dios at Siya'y may nag-iisang isinilang na Anak, si Jesucristo.

Atingsilipin at masdan paanokinikilala ng mga alagad si Jesus.

Juan 6:69*"At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang* ***Cristo ang Anak ng Buhay na Dios."***

Mateo 14:33*"At ang mga nasa daong ay nagsisamba sa kaniya, na nangagsasabi,* ***Tunay na ikaw ang Anak ng Dios."***

Juan 11:27*"Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon:* ***sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo ang Anak ng Dios,*** *sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan."*

Malinaw na ang mga alagad ay naniniwala na si Jesus ay ang Anak ng Dios! Si Apostol Pablo ay nagbahagi ng gayunding kaisipan sa kanyang mga isinulat sa Dios bilang Ama ng ating Panginoong Jesucristo.

Efeso1:3Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo..”

2 Mga Taga Corinto 11:31*“**Ang Dios at Ama** ng Panginoong Jesus..”*

Ito ay pangkaraniwang pananalita ni Pablo na ginagamit ng maraming beses sa lahat ng kanyang naisulat. Pansinin na tinatawag niya ang Dios(Ang Ama) na **Ama ni Kristo at Kaniyang Dios.**

Si Kristo ay palaging nagsasalita sa Dios bilang Kaniyang Ama at maging Kanyang Dios.

Juan 20:*17 “Sinabi sa kaniya ni Jesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa**aking Ama,** nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa **aking Amaat inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios.”***

Marcos 15:34*“At nang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng malakas na tinig: Eloi, Eloi, lama sabacthani? na kung liliwanagin ay, **Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?”***

Apoc. 3:12*“Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng **aking Dios,** at hindi na siya'y lalabas pa doon: at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng **aking Dios**, at ang pangalan ng bayan ng **aking Dios,** ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa **aking Dios,** at ang aking sariling bagong pangalan.”*

Tinawag ni Jesus ang Dios na kanyang Ama at Kanyang Dios!! Tinawag ng Ama si Kristo na Kanyang Anak ngunit hindi kailanman tinawag na Kanyang Dios! Makikita natin sa ating pagpapatuloy.

Ipinahayag ni Kristo na siya ang Anak ng Dios.

Juan 10:36*“Sinasabi baga ninyo tungkol sa kaniya, na pinabanal ng Ama at sinugo sa sanglibutan, Ikaw ay namumusong; **sapagka't sinasabi ko, Ako ang Anak ng Dios?”***

Ipinahahayag ni Jesus na Siya ay ang Anak ng Dios at ang mga Hudyo ay ibinilang itong pamumusong! Makikita monghindi kayang ikaila ni Jesus kung sino Siyang talaga. Ito ay para lamang ikaw o ako na naghahayag kung sino tayo. **Hindi niya sinabi na Siya ay isa sa tatlong myembro ng Trinidad na kinuha ang bahagi bilang Anak ng Dios. Sinabi Niya na Siya ang Anak ng Dios!**

> **Mateo 3:17***"At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi**, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan."*

Nang si Jesus ay bininyagan ang Dios ay nagpatotoo at naghahayag natunay na ito ang Anak na Kaniyang isinugo sa sanlibutan upang maging Tagapagligtas natin. Muli, sa pagbabagong anyo,sinaysay ng Dios ang mga salitang ito.

> **Mateo 17:5"***Samantalang nagsasalita pa siya, narito, ang isang maningning na alapaap ay lumilim sa kanila: at narito, ang isang tinig na mula sa alapaap, na nagsasabi, **Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan; siya ang inyong pakinggan."***

Kung kaya, ipinakilala ng Ama kung sino ang taong ito; ito ay ang Kanyang Anak! Maging ang mga demonio ay kilala kung sino si Jesus.

> **Mat 8:29***"At narito, sila'y nagsisigaw, na nangagsasabi, **Anong aming ipakikialam sa iyo, ikaw na Anak ng Dios?** naparito ka baga upang kami'y iyong pahirapan bago dumating ang kapanahunan? "*

Paanong ang mga demonio ay tinawag si Jesus na Anak ng Dios? Hindi ba't nakita na nila si Jesus? Alalahanin nating ang mga demoniong ito ay nanirahang minsan sa Langit? Nang si Satanas (Lucifer) ay itinapon mula sa Langit kanyang nakuha ang ikatlong bahagi ng mga anghel kasama niya. (Apoc.12:9) Kilala nila si Jesus; Siya lamang ang Anak ng Dios!! Alalahaning ang tunggalian ay nagpasimula sa hindi pagtanggap ni Satanas sa Anak na ito na itinaas ng Ama samantalang siya ay hindi. Ito ang butil ng kawalan ngkatuwaan na nagbunga ng malaking digmaan, paninira sa kaugalian ng Dios na makikita sa Kaniyang Kautusan.

Ano pa ang sinasabi ng Kasulatan tungkol kay Jesus?

> **Hebreo 1:1-3***"Ang Dios, .. .Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, **na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay,** na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan; **Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang***

pagka-Dios, *at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan;"*

Dito ating inilagay ang iba pang mga piraso ng katotohanan. Sinasabi dito na si Jesus ang **"itinilagang tagapagmana"** ng lahat ng mga bagay. Ang tagapagmana ay ang sinumang tumatanggap ng pamana galing sa iba. Sa kasong ito si Kristo, ay tumanggap ng pamana mula sa Kanyang Ama. Ano ang kanyang tinanggap: Kanyang Pangalan, Kanyang kapamahalaan, Kanyang kapangyarihan!

Sa madaling sabi si Kristo, bilang nag-iisa at bugtong na Anak na isinilang ng Dios na buhay, ay tumanggap, sa pamamagitan ng kanyang kapanganakan, ng lahat ng katangiang tinataglay ng Kanyang Ama. Ang talatang ito ay naghahayag din naman na si Kristo ay **"larawang hayag"** ng Kaniyang Ama. Siya ay katulad na katulad Niya. Dahil dito kayang sabihin ni Jesus na "ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama" (Juan 14:9)

Juan 5:26*"Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang* ***pinagkalooban niya*** *ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili:"*

Alalahanin dito na **pinagkalooban ng Ama** ang Anak na magkaroon ng buhay sa Kanyang Sarili. Ang lahat ng mga bagay ay tinanggap ni Kristo mula sa Kaniyang Ama dahil sa katangiang Siya angsariling Anak ng Dios.

Nakita mo, ang lahat ng mga talatang ito ay nagsasaad ng paulit-ulit at magkakatuladna kuwento. Ang Dios ng buong Kalawakan (ang Ama) ay ang pinaka-pinagmumulan ng lahat ng buhay at kapangyarihan. Ang lahat ng bagay ay nagbuhat sa Ama; maging si Kristo mismo ay isinilang ng Ama. Ang Ama ay ang nagiisang tunay na Dios ng Langit; at si Kristo, Ang Anak, ang hayag na larawan ng Ama, ay kinikilala ang katotohanang iyan. Ang Kasulatan ay nagtuturo sa atin na bagaman ang Anak ay nagbabahagi ng pagkapantay sa likas, kapangyarihan at karangalan kasama ang Ama, ang mga katangiang ito ng Dios ay minana mula sa Ama. Sa kadahilanang ito ang mga Kasulatan ay nagpapakita sa atin na ang Anak ay palaging napapasakop sa Kanyang Ama. Tingnan natin ang talatang ito:

Juan 14:28*"Narinig ninyo kung paanong sinabi ko sa inyo, Papanaw ako, at paririto ako sa inyo. Kung ako'y inyong iniibig, kayo'y mangagagalak, dahil sa ako'y pasasa Ama:* ***sapagka't ang Ama ay lalong dakila kay sa akin."***

Ano ang ibig sabihin ni Jesus dito? Katutuklas lamang natin na ang Anakay pinagkalooban ng katulad ng lahat ng kapangyarihan, karangalan at mga pangalan ng Ama. Paano naman hihigit ang Ama kay Jesus? Ang sagot ay napakasimple: ang salitang "lalong dakila" (greater) sa salitang Griyego ay "*meizon*" na ngangahulugang "nakakatanda o mas nakahihigit." Sa madaling salita, Kinikilala ni Jesus na ang kanyang Ama ay ang pinagmumulan ng lahat ng buhay. Ang isang tao ay nagpaliwanag sa ganitong paraan: "AngAma ay pinakadakila sapagkat sya'y nauna." Si Jesus,sa buong buhay Niya sa lupa, ay palaging kinikilala na Kanya lamang dinadala ang gawa ng Kanyang Ama.

Juan 6:38*"Sapagka't bumaba akong mula sa langit,* ***hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin."***

Juan 5:30***"Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili****: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid;* ***sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin."***

Malinaw na ipinahayag ni Jesus na ang Kanyang kapangyarihan ay nagmula sa kanyang Ama. Hindi ang pansariling kalooban ang Kaniyang ginagawa ngunit sa kanyang Ama. Bakit? Ang sagot ay simple, si Jesus ay sakop ng Kaniyang Ama. Makikita ninyo na si Kristo ay gumagawa ng gayunding mga salaysay sa buong mga Kasulatan. Ipinahahayag ni Pablo ang relasyong ito sa ganitong kaparaaanan:

1 Mga Taga Corinto. 11:3*"Datapuwa't ibig ko na inyong maalaman, na ang pangulo ng bawa't lalake ay si Cristo, at ang pangulo ng babae ay ang lalake, at* ***ang pangulo ni Cristo ay ang Dios."***

1Mga Taga Corinto.. 15:28 *"At kung ang lahat ng mga bagay ay mapasuko na sa kaniya,* ***kung magkagayo'y ang Anak rin ay pasusukuin naman sa nagpasuko ng lahat ng mga bagay sa kaniya,*** *upang ang Dios ay maging lahat sa lahat."*

Marami ang naniniwala na ang mga salaysay ni Jesus na pagpapasakop sa Kanyang Ama ay tumutukoy lamang sa Kaniyang buhay bilang tao sa lupa. **Subalit, ang talatang ito ay malinaw na nagsasabi na kapag ang tunggaliang ito ay natapos, Si Kristo ay magiging sakop pa rin ng Ama!!** Ang Ama ang may nais na ang Anak ay sambahin tulad ng pagsamba sa Kaniya.

Hebreo 1:8,9*"Nguni't tungkol sa Anak ay sinasabi,* ***Ang iyong luklukan, Oh Dios, ay magpakailan man;*** *At ang setro ng katuwiran ay siyang setro ng iyong kaharian….****Kaya't ang Dios, ang Dios mo,*** *ay nagbuhos sa inyo, Ng langis ng kasayahang higit sa iyong mga kasamahan."*

Ang Ama ay tinawag na"Diyos", ang Anak, sapagkat tunay ang KaniyangPagkadiyos, at tunay na nagtataglay ng lahat ng mga katangian ng Kanyang Ama. Subalit mapapansin, na nilinaw ng Ama na Siya ang nagpahid kay Kristo at naghirang upang makatanggap ng papuri ng mga anghel at mga tao.

Juan 5:22,23*"Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol;* ***Upang papurihan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo."***

Juan 3:35*"Sinisinta ng Ama ang Anak, at inilagay sa kaniyang kamay ang lahat ng mga bagay."*

Napakagandang larawan na ating makikita sa Dios ng lahat ng nilikha.*"Iniibig ng Ama ang Anak;"* kaya sinasabi Niya na tayo'y magbigay karangalan at kaluwalhatian sa Kaniya. Si Kristo, ang Anak ng buhay na Dios, ay iniwan ang kanyang pribilehiyo na tumabi sa Kanyang Ama sa Langit, at kusang naparito sa lupa upang maging atinghandog. Walang anghel ang makapagbabayad ng halaga; ang literal na Anak ng Dios na buhay lamang ang maaaring mamatay para sa nawaglit na sangkatauhan! O kaya'y "bahagi" ng triune god ang naparito. Ito ay napakahalaga na ating maunawaan na hindi ito pagpapanggap lamang na kung saan ang isa sa tatlong magkakapantay na "mga Dios" ay nagdesisyon upang gumanap ng bahagi bilang Anak. Ito mismo ang tunay na buhay ng Dios, sa anyo ng kaniyang Anak, na siyang naparito para sa iyo at para sa akin! Kamangha-manghang sakripisyo! *"Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman:****Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao: At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.***(Filipos.2:5-8). Nakakalungkot tingnan kung paano ang konseptong ipinakikita ng katuruan ng Trinidad ay pinalalabo ang dakilang kaloob na ito. **Kamangha-manghang tunay ang pag ibig ng Ama at ng Anak para sa atin!**

Mayroong makatawag pansing kwento sa Biblia na magbibigay sa atin ng sulyap kung gaanokalalim ng sakripisyong ginawa para sa ating kapakanan. Ito ay ang kwento ni Abraham at Isaac. Iyong maaalaala na si Abraham ay pinangakuan na magiging ama ng dakilang bansa. Sariwain natin ang ating alaala tungkol sa kwento sa pagbabasa nito sa Genesis (Tal.22); ngunit pagtuunan natin ng pansin sa isang hindi pangkaraniwang hiling ng Dios sa ama ng pananampalataya:

> *"At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. At kaniyang sinabi,**Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac,** na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; **at ihain mo siya roong handog na susunugin** sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo."*(Gen 22:1, 2)

Sinabihan ng Dios si Abraham na kunin ang kanyang Anak, ang bugtong na anak na si Isaac, at ihain bilang handog. **Subalithindi lamang si Isaac ang anak ni Abraham ngunit siya ang tagapagmana ng pangako.Ang anak na ito ang ihahandog ni Abraham.** Napansin mo bang sinabi ng Panginoon, ang anak, ***"na iyong minamahal*?"** habang ating binabasa ang kwento ating mapapagtanto ang paglalaban na nangyayari sa isip ni Abraham. Bakit niya kinakailangang ibigay ang kaniyang anak? Ang batang ito ay masunuring anak, bakit kailangan siyang mamatay? Sa talatang 7 at 8 ating mababasa:

> *"At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, **Narito, ang apoy at ang kahoy, nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin?** At sinabi ni Abraham, **Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin, anak ko: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.***(Gen 22:7,8)

Abraham, magtayo ka ng altar at itali mo ang kamay at paa ni Isaac at ilagay mo siya sa altar. Ito ba ay masunuring anak? Siguradong kaya ni Isaac na lumaban sa kanyang ama, na mahina na sa katandaan, kung kanyang nanaisin iyon. Subalit si Isaac ay kusang loob na inialay ang kanyang buhay. Pagkatapos, ng itinataas na ni Abraham ang kaniyang sundang para patayin ang kanyang anak, ang anghel ng Panginoon ay tumawag kay Abraham:

"…Abraham, Abraham: *at kaniyang sinabi, Narito ako. At sa kaniya'y sinabi,* ***Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak."****(*Gen 22:11,12)

Si Abraham ay tumingin saitaas at nakita ang kambing na nasabit sa isang halaman, at pumaroon si Abraham at kinuha ang kambing at inihandog bilang sakripisyo sa Dios. Kamangha-manghang pagsubok kay Abraham!! Ngunit mga kaibigan, isang mahirap na pagsubok rin ito sa pag-ibig ng Diyos ng kalawakan, ang ating Ama sa Langit, na kusang loob na ibinigay ang **"Kanyang bugtong na Anak, Kanyang Tagapagmana,*"ang anak na kanyang minamahal"*** para sa nawaglit na sanlibutan. **Tiyak ako na si Abraham ay nakakuha ng sulyap sa araw na yaon, ng sakripisyong magaganap para sa kapakanan ng buong lahi ng tao; ang sakripisyo ng tagapagmana, ang bugtong na Anak ng buhay na Dios, para sa ating kapakanan. Siya ay nakakuha ng sulyap ng kamangha-manghang pag ibig ng Dios.**

Ito ang "Tagapagmana" na tatanggihan ng sanlibutan kapag siya ay dumating upang iligtas sila. Ito ay ang "tagapagmana" na masikap na kinalaban ni Satanas habang si Jesus ay nasa lupa, upang sirain ang katotohanang Siya'y tunay na Anak ng buhay na Dios, isinugo buhat sa Langit upang tubusin ang nagkasalang sangkatauhan. Ang tunggalian, na nagpasimula sa Langit, ay nadala sa sanlibutang ito; at ang labanan ay patuloy na nagaganap sa kasalukuyan. **Si Satanas ay patuloy na sinusubukang papaniwalain ang tao na si Jesus ay hindi tunay na Anak ng Dios.**Sa bawat paraang maaaring gawin, sinusubukang alisin ni Satanassi Kristo sa kanyang karapatdapat na posisyon at misyon. Sa isang malinaw na talinhaga na matatagpuan sa Mateo 21, hinulaan ni Jesus ang gagawin ng tao sa Kanya. Nasasaad:

"Pakinggan ninyo ang isa pang talinghaga: May isang tao, na puno ng sangbahayan, na nagtanim ng isang ubasan, at binakuran niya ng mga buhay na punong kahoy sa palibot, at humukay roon ng isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang bantayan, at ipinagkatiwala yaon sa mga magsasaka, at napasa ibang lupain. At nang malapit na ang panahon ng pamumunga, ay sinugo ang kaniyang mga alipin sa mga magsasaka, upang tanggapin ang kaniyang bunga. At pinaghawakan ng mga magsasaka ang kaniyang mga alipin, at hinampas nila ang isa, at ang isa'y pinatay, at ang isa'y binato. Muling sinugo niya ang ibang mga alipin, na mahigit pa sa nangauna; at ginawa rin sa kanila ang gayon ding paraan. ***Datapuwa't sa huli pagkatapos ay sinugo niya sa kanila ang kaniyang anak na lalake, na nagsasabi, Igagalang nila ang aking anak.*** *Datapuwa't nang makita ng mga magsasaka ang anak, ay nangagusapan sila,* ***Ito ang tagapagmana;halikayo, siya'y ating patayin,*** *at kunin*

natin ang kaniyang mana. At siya'y hinawakan nila, at itinaboy siya sa ubasan, at pinatay siya." (Mateo 21:33-39)

Ang Dios ay nagtanim ng halamanan. Ang bansang Hudyo ay ang hinirang ng Dios. Sila ang inatasang magsalita sa sanlibutan tungkol sa dakilang Dios ng Langit; upang ipabalita ang parating na Mesiyas. Sa bawat paghirang ng Dios ng mga propeta at pagsugo para sabihan ang Israel na sila ay napapariwara sa Dios, kanila itong pinapatay. Sa wakas Isinugo ng Ama ang Kanyang Anak para sa kanyang bayan. Siguradong kanilang igagalang ang Anak, ang tagapagmana. Subalit ang mga tao ay nabulag sa kanilang sariling katuwiran, inalimura at ipinako Siya sa krus ng Kalbaryo. Tunay na ito ang Anak ng Dios.

Mahalaga ba o hindi na paniwalaan na si Jesus ay ang literal, tunay na Anak ng Dios, o maniwala na Siya ay isa sa Trinidad, na ginaganapan ang parte bilang Anak sa malaking drama? Isaalang alang ang mga talatang ito:

Juan 17:3*"**At ito ang buhay na walang hanggan,*** *na ikaw ay* ***makilala nila na iisang Dios na tunay,*** *at* ***siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."***

Juan 3:36*"**Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan;*** *nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios ay sumasa kaniya."*

Juan 20:31*"Nguni't ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus* ***ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay*** *sa kaniyang pangalan."*

1Juan 5:13*"Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo,* ***upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan,*** *sa makatuwid ay sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Dios."*

Ang katotohanang si Jesucristo ang literal na "nag-iisang isinilang" na Anak ng Dios ay ang pinakapuso ng pananampalatayang Kristyano. Kapag tayo ay gumagawa ng bahay kailangan nating maglagay ng matibay na haligi kung hindi ang gusali ay guguho. Sa puso ng Kristyanismo ay ang katuruang ito na nagbubuklod at sumusuporta sa iba't ibang katuruan ng pananampalatayang Kristyano. Nang ating pinasimulan ang ating pag-aaral ating nabanaag na ang pananampalataya ng Katoliko ay nag-aangkin na ang kanilang katuruan ng Trinidad ay ang sentrong doktrina na kung saan ang lahat ng katuruan ay nakasalig dito, at halos lahat ng Kristyanismo ay sinundan sila sa gayung

paniniwala. Mga kapatid, hindi ka makapagtatayo ng matibay na bahay sa mahinang pundasyon.

> **Mat 7:24-27***"Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato: At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon;* ***at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato.*** *At ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan: At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon;* ***at nabagsak: at kakilakilabot ang kaniyang pagkabagsak."***

Kung ang pundasyon ay tama, ang iba pang bahagi ng bahay ay matatag. Kung ito ay mali, ang bahay ay babagsak. Sa mahabang panahon, ang katuruan ng Trinidad na itinatago ang tunay na kagandahan ng relasyon ng Ama/Anak sa pagitan ng Dios at ni Jesus, ay ninanakawan ang mga tao ng malinaw na larawan ng walang hanggang sakripisyo na ginawa para sa sangkatauhan! Tayo ay tumutugon sa ating Tagapagligtas na kasang-ayon sa ating pagkaunawa na ginawa para sa ating kapakanan. Hindi nakapagtataka ang lalim ng pagkaugnay natin sa Dios ay lubhang mababaw. Nawa'y ang karunungan ng Dios na ating Ama, at ang kadakilaan ng Anak na umiibig, ay makilos ang inyong puso sa mas malalim at mas kahangahangang relasyonNilang dalawa. Si Kristo ang ating Tagapamagitan, ay ang taling nag uugnay sa pagitan ng nawaglit na sangkatauhan at sa Dios ng Langit. Siya ang ating kahangahanga at mahabaging Tagapagligtas. Siya ang Anak ng buhay na Dios!!

ANTICRISTO

Bago natin iwanan ang bahagi tungkol sa Anak ng Dios, nais kong ibahagi sa inyo ang isang makatawag-pansingbahagi ng Kasulatan na aking pinaniniwalaan na nagbubuhos ng napakaraming liwanag kung bakit napakahalaga kung paano natin pinaniniwalaan kung sino si Kristo, at bakit kinakailangangmaitama natin ang pagkilala sa Ama at Anak sa nararapat na katayuan sa ating mga pagiisip. Ang unang pahayag ay matatagpuan sa aklat ng Mateo, kapitulo 16:

> ***Mateo 16:13-17****"Nang dumating nga si Jesus sa mga sakop ng Cesarea ni Filipo, ay itinanong niya sa kaniyang mga alagad, na sinasabi,* ***Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino Ako, ang Anak ng tao?*** *At kanilang sinabi, Anang ilan, Si Juan Bautista; ang ilan, Si Elias; at ang mga iba, Si Jeremias, o isa sa mga propeta. Kaniyang sinabi sa kanila,* ***Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?*** *At sumagot si Simon Pedro at sinabi,* ***Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Dios na buhay.*** *At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi,* ***Mapalad ka, Simon Bar-Jonas:*** *sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit."*

Kapapakain pa lamang ni Jesus sa 4,000 tao, tinawag nya namapagpaimbabawang mga Pariseo at binalaan ang mga alagad na huwag makikinig sa kanilang lebadura. Pagdaka'y nagpatuloy Siya sa pagtatanong sa mga alagad na isang tuwirang tanong: ***"Ano ang sabi ng mga tao kung sino Ako,ang Anak ng tao?"***Kanilang tinugonsi Jesus ng mga pangalan ng inaakala ng ibang mga tao kung sino Siya. Pagdaka'y ibinalingsa mga alagad, ***"Datapuwa't, sino ako sa inyong pagkakilala?"***Ito ay nakamamanghang tanong para sa mga nag-aangking mga alagad ng Panginoon—alam ba talaga nila kung sino si Jesus? At tumugon si Pedro ng tamang kasagutan: ***"Ikaw ang Cristo, Ang Anak ng Dios na buhay."***Si Pedro ay walang duda kung sino nga bang talaga si Jesus, at ang Panginoon ay tinawag syang mapalad sapagkat ang Ama ang nagpahayag sa kanya nito. Ngayon ay ating iwanan ang bahagi ng Kasulatang ito saglit at dumako tayo sa aklat ng 1Juan:

> **1Juan 2:18***"Mumunting mga anak, ito ang huling oras: at gaya ng inyong narinig na* ***darating ang anticristo, kahit ngayon ay lumitaw ang marami nang anticristo;*** *kaya nga nalalaman natin na ito na ang huling oras.*

Ang salitang **"anticristo,"**ayon sa *Strong's concordance* ay may kahulugang "ang katunggali ni Cristo." At si Juan ay nagbigay ng mahalagang tanda tungkol sa darating na anticristo. Binigyan tayo ni Cristo ng mgapagkakakilanlan ng kanyang mga kaaway. (Ang ikalawang palatandaan ay matatagpuan sa 1Juan4:3.)

1Juan 2:22*"Sino ang sinungaling kundi ang tumatanggi na si Jesus ay siyang Cristo? Ito ang anticristo, sa makatuwid ay ang tumatanggi sa Ama at sa Anak.*

Maliwanag na sinasabi ni Juan na ang pagtanggi na si Jesus ay ang Anak ng Dios nahinirang, ay kasinungalingan. At sinabi rin nya na antikristo ang tumatanggi sa Ama at sa Anak. Maaari kaya na ang paraan ng antikristo na tanggihan ang Ama at Anak ay sa pagpapakilala ng katuruan ng Trinidad sa Kristyanismo, na siyang sumisira ng kanilang tunay na relasyon? Dapat maalala na ang kapangyarihan ng antikristo, ayon sa mga Kasulatan, ay hindi kapangyarihan ng sanlibutan, kundi yaong nag-aangking relihiyoso, ngunit sumisira ng tunay na kahalagahan ng ebanghelyo. Ating balikan ang ating talatasa Mateo 16 at basahin pa sa mga sumusunod na talata:

Mat 16:18*"At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at* ***sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia;*** *at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya."*

Sa aling bato itatatag ni Kristo ang kaniyang iglesia? Kapapahayag pa lamang ni Pedro na si Kristo ang Anak ng buhay na Dios ay tinawag siya ni Jesus na mapalad sapagkat alam niya ito. **Sa batong yaon (pundasyon) itatatagni Kristo ang Kanyang iglesia.** Si Kristo, ang tunay na Anak ng Dios, ay ang Bato. Hindi ba't nakakamanghang isipin na ginagamit ng iba ang mga talatang ito upangpakahulugang si Pedro ang bato kung saan ang iglesia ay itatatag, at dito nagpasimula ng linya ng mga Papa? Makikita mo, kapag inalis ang tunay na pundasyon, ang bahay ay magpapasimulang gumuho. Ang dahilansa pagkakaroon ngnapakaraming maling doktrina na lumulutang sa palibot ng Kristyanismo sa kasalukuyan ay dahil marami ang natatag sa maling pundasyon. Naalala ba ninyo ang "batong sagisag ng katangian" sa pambungad na kuwento tungkol sa hipon? Ang karamihan sa mga hiponay may maling "batong sagisag" kung kaya habang sila'y lumalangoy ng nakabaliktad ay inaakala nilang sila'y lumalangoy ng tama. Ito ay katulad ng Kristyanismo sa kasalukuyan. Kaya't marami ang naniniwala na ang kanilang pananampalataya ay matatag sa doktrina ng Trinidad; subalit ang katuruang ito ay maling "batong sagisag"—ang pinakapangunahing saligan ng katuruan ng anticristo—na ginagawang imposible na makapagtayo sa katotohanang: si Cristo, ang Bato, ang Anak ng buhay na Dios. Ang kapangyarihan ng anticristo ay nakatatag sa saligan na si Jesus ay hindi literal na Anak ng Dios, kaya tinatanggihan nila ang

relasyong Ama/Anak. Ang tunayna iglesia ng Dios ay magtatatag sa pundasyon na ipinahayag ni Pedro: ***"Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios."***

Ang maniwala sa katuruan ng Trinidad ay ang paglakad sa nilakaran ng kapangyarihan ng anticristo. Ang mga Kasulatan ay nagsasabi sa atin na sa huling kapanahunan, ang Panginoon ay magbibigay ng panawagan para sa lahat na lumabas sa lahat ng mga maling katuruan at makiisa kay Cristo atsa Kanyang katotohanan.

> ***"At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot."***(Apoc. 18:4)

ANG BANAL NA ESPIRITU

Kung mayroon lamang isang Dios; isang walang hanggan, Kataas-taasan sa buong kalawakan—ang Ama, at kung si Jesucristo ay ang Anak ng Dios, ang hayag na larawan ng Ama, Isang kapantay sa kapangyarihan at kapamahalaan sa Kanya; **sino o ano naman ang Banal na Espiritu?**

Sa pagtalakay natin sa bahaging ito ng ating pag-aaral,dapat nating alalahanin na maraming mga bagay ang tungkol sa Dios anghigit sa kaya nating maunawaan. **Subalit, sa mga bagay na ipinahayagsa atin ay maaari nating malaman at ipinapayo na unawain.** Sa ating pag-aaral sa paksa ng Banal na Espiritu, ating tingnang mabuti kung ano ba talaga **ang sinasabi at hindi sinasabi** ng Kasulatan.

Una sa lahat, natagpuan kong ang Biblia ay hindi kailanman gumamit ng katagang "Dios Espiritu" patungkol sa Banal na Espiritu, na kung saan ginagamit ng mga Trinitarian. Ang kataga gaya ng "Espiritu ng Dios," ang "Espiritu ni Cristo". "Aking Espiritu," "Kanyang Espiritu,"at ang "Banal na Espiritu" ay ginagamit, sa pagpapangalan ng ilan. Ating makikita na ito ay mahalagang pagsisiyasat.

Isa pang obserbasyon na ating madaliang magagawa ay ang mga Kasulatan ay **hindi kailanman nagsabi na "manalangin sa" o "sambahin" ang Espiritu. Bakit, kung siya ay ikatlong "Dios" ng Trinidad, isasantabi ba iyan ng Biblia?** Tayo ay pinagbilinan na manalangin "para sa" Espiritu, ngunit hindi "sa" Espiritu. Ating makikita na maraming napakagandang dahilan para rito.

Sa aklat ni Zakarias mayroong interesanteng talata na kailangan nating pansinin.

> **Zakarias 6:13***"Sa makatuwid baga'y kaniyang itatayo ang templo ng Panginoon; at siya'y magtataglay ng kaluwalhatian, at mauupo at magpupuno sa kaniyang luklukan; at siya'y magiging saserdote sa kaniyang luklukan: at ang payo ng kapayapaan ay mapapasa* ***pagitan nila kapuwa.****"*

Ang payo ng kapayapaan na tinutukoy ay ang plano na kung saan ang pagliligtas para sa nawaglit na sangkatauhan ay ginawa. **Ilang indibidwal ang naroroon? Ito ay sa "pagitan nila kapwa". Iyan ay dalawa.** Sa ating nakaraang pag-aaral alam natin na ito ay ang Ama at ang Anak. **Kung ang Banal na Espiritu ay hiwalay na persona ng Kadiyosan, bakit hindi siya kasama?**

Juan 5:22,23*"Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol; Upang papurihan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang* ***pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo."***

Ang Ama at ang Anak ang karapatdapat na parangalan at papurihan. Ang kaisipang ito ay mag-iiwan sa atin ng **ilang mga tanong** na dapat na sagutin:

1. Bakit nakikita natin na may dalawang trono lamang sa langit?
2. Bakit ang Ama at Anak lamang ang binanggit bilang nabubuhay sa kalagitnaan natin sa Langit matapos na tayo'y dalhin ni Cristo sa tahanan?
3. Bakit hindi kailanman tinawag ng Biblia ang Dios na "Trinidad"?
4. Bakit ang mga salitang panghalip na "Siya" at "Ito" ay parehong ginamit sa Kasulatan sa pagtukoy sa Banal na Espiritu?
5. Bakit ang Ama at Anak lamang ang dapat sambahin?

Ito ay mahalagang mga tanong na kailangang sagutin upang makapagsimula tayong maunawaan ang Banal na Espiritu. Ang Trinitarian na kaisipan ay mahihirapan sa pagsagot ng mga katanungang ito mula sa mga Kasulatan. Dapat **alalahaning hindi ang ating sariling pag-unawaang mahalaga.** Ating dapat makita kung ano angtunay na sinasabi ng mga Kasulatan, at huwag subukang lagyan ng kahulugan mula sa kaisipan ng tao. Tingnan natin ito ng mas malalim.

Gen 1:2*"At ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman;* ***At ang Espiritu ng Dios*** *ay sumasa ibabaw ng tubig."*

Tanong: Mayroon bang hiwalay na persona na tinatawag na Banal na Espiritu ang sumasa ibabaw ng tubig o ito ay ang ang Dios sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ang Kanyang malikhaing kapangyarihan at personal na presensya ang sumasa ibabaw ng tubig?

Bago mo sagutin ang katanungang iyan ating tingnan ang iba pang mga talata.

Juan 1:1-3*"Nang pasimula siya ang Verbo…****Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya;*** *at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya."*

Ang lahat ng nilalang ay ginawa sa pamamagitan ni Cristo. Ating napagaralan kanina na ginawa ni Cristo ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama hindi ba? Ngayon, pansinin ang iba pang sinasabi ng mga Kasulatan:

> **Jeremias 10:12*"Kaniyang ginawa ang lupa sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan,*** *kaniyang itinatag ang sanglibutan sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, at kaniyang iniladlad ang langit sa pamamagitan ng kaniyang pagkaunawa."*

> **Mga Awit 33:6***"Sa pamamagitan ng* ***salita ng Panginoon ay nayari ang mga langit;*** *at lahat ng natatanaw roon ay sa pamamagitan ng* ***hinga ng kaniyang bibig."***

Sa pangunahing kapitulo ng Genesis ay iyong mababasa na sa bawat paglikha ang Dios ay nagsalita at nangyari. **Genesis 1:3,6, 9, 11, 14, 20, 24, 26.**

> **Job 26:13*"Sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu ay ginayakan niya ang langit;****inanyuan ng kaniyang mga kamay ang tusong ahas."*

Mayroon bang ikatlong persona na kasama sa paglalang o ito ay ang kapangyarihan ng Dios, ang Kanya mismong personal na presensya—ang Kanyang Espiritu—na naroroon na dumaloy sa pamamagitan ng Kanyang Anak? Kung tayo ay magpupumilit sa kaisipan na ang Banal na Espiritu ay hiwalay na dios sa Trinidad, paano naman natin maiaayon ang malinaw na mga pahayag na, una sa lahat, sinasabing nilalang ni Cristo ang lahat ng bagay, at pati ang "Kanyang Espiritu ang gumayak ng mga Langit?"

Maaaring ating mapagtugma-tugma ang lahat ng mga ito. Iyong naaalala na pinagusapan natin ang pagpapahayag ni Cristo tungkol sa Kanyang sarili sa Kawikaan. Sinasaad nito:

> **Kawikaan 8:23*"Ako'y nalagay mula noong araw mula ng walang pasimula,*** *bago nalikha ang lupa."*

Ang salitang "nalagay" ay nakatala sa bilang 5258 sa *Strong's concordance*at nangangahulugang "buhusan" o "pahiran." Ang salitang "walang pasimula" ay sa bilang na 5769 at nangangahulugang "nakatago," hangganan," o panahong labas sa kaisipan." Ang salitang ito ay malimit na tumutukoy sa napakatagal ng panahong nakaraan, bago pa tayo nagkaroon ng pagtatakda ng oras. Sa madaling salita, ang talatang ito ay malinaw na nagsasaad na **si Cristo ay binuhusan sanapakatagal ng**

panahong nakaraan bago pa man likhain ang sanlibutan. Ito ay napakatagal na panahon kaya't maging ikaw at ako ay hindi maaabot ng isip kung kailan ito.

> **Mga Awit 2:6** *"Gayon ma'y **inilagay** ko ang aking hari sa aking banal na bundok ng Sion." (tingnan din ang Mga Awit 3:4)*

Ang salitang "inilagay" sa talatang ito ay katulad na salita na ginamit sa Kawikaan 8:23 (#5258), na ating natagpuan na nangangahulugang "binuhusan". Kaya't si Cristo, ang Anak ng Dios, ay binuhusan sa langit. *(Pansinin: ang pagbubuhos na ito ay naganap sa langit sa panahong walang hanggan)*

Ang sunod naman na makatwirang tanong ay paano si Cristo binuhusan? Ano ang ibinuhos sa Kaniya?

> **Hebreo 1:9** *"Inibig mo ang katuwiran, at kinapootan mo ang kasamaan; Kaya't ang Dios, ang Dios mo, **ay nagbuhos sa iyo, Ng langis ng kasayahang** higit sa iyong mga kasamahan."*
> (Pansinin: ang pagbubuhos na ito ay naganap pagkatapos na umakyat si Cristo. Subalit pansinin kung ano ang ginamit sa pagbubuhos)

Kung tayo ay maglalaan ng oras sa pag-aaral ng kahulugan ng langis sa mga Kasulatan **agad nating makikita na ang langis ay tumutukoy sa Espiritu ng Dios. (Zakarias 4:12; Mateo 25:3,4,8) Si Jesus, ang nag-iisang isinilangna Anak ng Diyos, ay binuhusan ng langis (Banal na Espiritu) ng Dios mula sa walang hanggan;sa napakatagal na panahong nakaraan**. Kay Cristo (na nangangahulugang ang Binuhusan) ipinagkaloob ng Ama ang Kanyang Espiritu. Ang Kanya mismong buhay at kapangyarihan. Hindi binigyan ng Ama si Cristo ng ibang persona, kundi ipinagkaloob Niya ang gayunding buhay at kapangyarihan na nasa Kanyang sarili.Tinanggap ito ni Kristo sa kadahilanang Siya ang bugtong na Anak ng buhay na Dios. Ito mismo ang buhay, kapangyarihan o personal na presensya ng Dios na dumadaloy sa pamamagitan ni Cristo patungo sa iyo at sa akin.**Hindi tayo naguusap ng tungkol lamang sa "kapangyarihan" dito. Tayo ay naguusap tungkol sa mismong buhay, personal na presensya, karakter o isip ng Dios. Ang ating Dios ay mismong persona.** Kamanghamangha na Kanyang ninais na manirahan sa kalooban natin.

> **Juan 5:26** *"Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang **pinagkalooban niya ang Anak** na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili"*

Sinasabi ng Biblia na mayroon lamang isang Espiritu:

Efeso 4:4 *"May isang katawan, at **isang Espiritu**, gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang pagasa ng pagtawag sa inyo."*

Nagsasalita ang Biblia ng Espiritu ng Dios at ng Espiritu ni Cristo. Paano ngayon magkakaroon ng isang Espiritu?

Juan 15:26*"Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, **na aking susuguin sa inyo mula sa Ama,** sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa akin."*

Galatia4:6*"At sapagka't kayo'y mga anak, ay **sinugo ng Dios ang Espiritu ng kaniyang Anak** sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama."*

Ito ay ang Espiritu—ang isip, kapangyarihan, karakter, personal na presensya, mismong buhay ng Dios—na isinugo ng Ama sa pamamagitan ng Anak patungo sa atin.**Ito ay hindi hiwalay na persona ng Kadiyusan na isinugo, ito ay ang mismong buhay ng Dios na pumaparito sa atin sa pamamagitan ni Cristo (ang Nagiisang binuhusan).** Mayroon lamang iisang espiritu sabi ng mga Kasulatan, at ito ay nagmumula sa Ama.

Sa aklat ng Exodo sa Lumang Tipan ay may magandang pagsasalarawan nito. Ang mga Israelita ay naglalakbay sa disyerto at labis na nauuhaw. Nagpasimula silang magmukmok at magreklamo kay Moses sa kanilang malubhang kalagayan. Si Moses ay tumangis sa Panginoon at sinabi ng Panginoon sa kaniya na gumawa ng kakaibang bagay. Pansinin kung ano ang sinabi ng Panginoon:

Exodo 17:6*"Narito, ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong papaluin ang bato, **at lalabasan ng tubig,** upang ang bayan ay makainom..."*

Saan nagmula ang tubig? Oo, ito ay nagmula sa bato. Hindi ito nagmula sa loob niyaon, o sa ilalim niyaon, kundi mula rito. Ito ay mahalagang punto. **Sino ang kinakatawanan ng bato? Hindi ba't Si Kristo ang kinakatawanan ng batong yaon?**

1 Cor. 10:4*"At lahat ay nagsiinom ng isang inumin ding ayon sa espiritu; sapagka't nagsiinom sa batong ayon sa espiritu na sumunod sa kanila: at **ang batong yaon ay si Cristo."***

Huwag nating kaligtaan ang punto na ang tubig na dumaloy mula sa bato ay gaya ng Espiritu na dumadaloy buhat sa Ama patungo sa Anak patungo sa atin. Iyo ring

mapapansin na sa Makalangit na hukuman ay may tubig na dumadaloy nanagmumula **sa trono ng Dios at ng Kordero.**

Apocalipsis 22:1 "*At ipinakita niya sa akin ang isang **ilog ng tubig ng buhay**, na maningning na gaya ng bubog, na **lumalabas sa luklukan ng Dios at ng Cordero."***

Ang ilog ng tubig ay kumakatawan din sa Espiritu ng Dios, at muli ito ay nagmumula sa Ama at Anak. Ito ang nagbubuklod sa kanilang dalawa. Ito ang dahilan kung bakit nasasabi ni Jesus ang mga katagang ito:

Juan 10:30 "Ako at ang Ama ay iisa."

Juan 17:21*"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin:* *upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo."*

Ang Ama at Anak ay iisa sapagkat sila'y mayroong magkatulad na Espiritu; ang Espiritu na nanggagaling sa Ama. Ito rin ang Espiritung atin namang tinatanggap mula kay Cristo!

Rom 8:9-11*"Datapuwa't kayo'y wala sa laman kundi nasa sa Espiritu, kung gayo'y tumitira sa inyo ang **Espiritu ng Dios**. Datapuwa't kung ang sinoma'y walang **Espiritu ni Cristo**, siya'y hindi sa kaniya….Nguni't kung ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na maguli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo."*

Madaling makita dito na ang Espiritu ng Dios at ang Espiritu ni Cristo ay ginamit na maaring pagpalitin. Iyan ay dahil saito ay iisang Espiritu. Pansinin na ang talata ay patuloy na nagsasabi na sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios, na Kanyang kapangyarihan, ay binuhay si Cristo mula sa mga patay. Ang gayunding kapangyarihan at personal na presensya ng Dios ang maaaring mabuhay at manahan sa atin.

Tayo naman ay dumako sa bahagi ng Kasulatan na madalas na di-maunawaan at ginamit upang subukang magpakita ng Trinidad. Ang tinutukoy ko ay sa Juan 14 na kung saan pinangako ng Panginoon na magsusugo ng Mangaaliw. Kapapahayag pa lamang ni Jesus sa mga alagad na iiwan Niya sila, at hinulaan ang pagtanggi ni Pedro. Kaya, sa pagpapasimula ng kapitulo 14, sinabi niya na huwag silang magulumihanan sapagkat kahit sila ay iiwan at paroroon sa Ama, Siya ay babalik. Sabi ni Jesus upang

sila din naman ay makasama Niya doon. Sila ay namangha paanong mangyayari ito, at tumugon si Jesus:

> **Juan 14:6,7"…** *Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.Kung ako'y nangakilala ninyo ay mangakikilala ninyo ang aking Ama: buhat ngayon siya'y inyong mangakikilala, at siya'y inyong nakita."*

At humiling si Felipe na ipakita sa kanila ang Ama. Malumanay na pinagsabihan ni Jesus ang mga alagad at sinabi sa kanila na Siya at ang Ama ay iisa. (tal. 10,11) At pagkatapos ay Kaniyang ipinangako na isusugo ang ibang Mang-aaliw na papasa kanila sa pagkawala Niya.

> **Juan 14:16-18***"At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.* ***Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo.*****"**

Alalahanin, katatapos pa lamang sabihin ni Cristo sa mga alagad na sila ay iiwan Niya at tutungo sa Ama, at sila ay nagsipagtanong kung paano rin sila makaparoroon. Sinabi ni Cristo na huwag mangamba sapagkat ang Ama ay magpapadala ng ibang Mang-aaliw. Ibang persona ba ang ipadadala upang pumalit sa gawain kung si Cristo ay nakabalik na sa Langit? Iiwanan ba ni Jesus ang kaniyang mga alagad upang iba ang sa kanila'y mag-ingat? Napansin ba ninyo ang talatang 18? Sabi niya: "**Ako'y paririto sa inyo." Si Cristo ay pisikal na iiwanan ang mundo, ngunit siya ay mananatiling kasama ang mga alagad sa pamamagitan ng Espiritu, na ito ayKaniyang sariling panloob na buhay. Ang buhay, muli, na kanyang tinanggap ay buhat sa Ama; kaya ang mga salita na ipapadala ng Ama sa Kaniya. Personal na aakayin ni Jesus ang Kanyang mga alagad sa pamamagitan ng iisang Espiritu na dumadaloy sa pamamagitan Niya sa kanila.**

May iba pang nakakawiling bahagi dito: Ang salitang Griyego sa **"Mangaaliw**" ay **"*Paralektos*."**

Sa 1 Juan 2:1 ating mababasa:*"Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may* ***Tagapamagitan*** *tayo sa Ama, si Jesucristo ang matuwid."*

Ang salita para sa **"Tagapamagitan"** sa Griyego ay ***"Paralektos"*** din. Ito ba ay nagsasaad sa atin na ating Mangaaliw at ating Tagapamagitan ay siya rin? Oo. Si Cristo ang Mangaaliw at si Cristo ang ating Tagapamagitan o ang "pagitnang daan" sa pagitan ng Dios at tao. Ito ay si Cristo na gumagawa sa atin at nabubuhay sa atin sa pamamagitan ng Espiritu na nagmumula mismo sa Ama.
Roma 8:16*"Ang Espiritu **rin** ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios."*

Roma 8:*26* *"At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu **rin** ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita."*

Nais kong mapuna ninyo na sa bawat mga talata ang Espiritu ay hinahanay bilang "ito" sa halip na "Siya" gaya naman sa ibang mga talata. Ang Espiritu ay madalas na ginagamitan ng "Siya" dahil sa mga personal na katangian na na tinataglay nito, hindi dahil sa iba itong persona sa Ama at Anak. Ang Espiritu ay namamagitan para sa'tin. Sino sa napag-aralan natin ang ating Tagapamagitan, ang tagapamagitan sa Dios at sa tao? Si Jesus ang ating Tagapagtanggol, Mang-aaliw at Tagapamagitan. (Pansinin din **Heb.7:25,2 Cor.3:17,18 at 1Tim 2:5.**)

> **1Cor 3:16***"Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, **at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?**"*
>
> **Col 1:27** "Na sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Cristo **na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian."**
>
> **Apoc.3:20***"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto**, ako'y papasok sa kaniya,** at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko."*
>
> **Mat 28:20***"at **narito, ako'y sumasa inyong palagi**, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.Amen"*

Pinangakuan ni Jesus ang kanyang mga alagad na hindi sila iiwan ng walang Mang-aaliw. Ipinangako Niya sa kanila na **Siya** ay personal na paroroon, mamumuhay, at mananahanan sa kanila hanggang sa pagwawakas ng sanlibutan. Hindi ba't kahanga-hangang talastasin na hindi tayo iniwan ni Jesus sa kung sinuman, kundi angating Tagapagligtas ay napakalapit na kaugnay kasama natin na sa pamamagitan ng Kanyang

Espiritu, sa pamamagitan ng Kaniyang personal na presensya.Patuloy Siyang mamumuhay at mananahanan sa atin hangga't hahayaan natin Siyang manahan sa atin.

May iisang Espiritu – Efeso 4:4
Ang Mangaaliw ay ang Espiritu – Juan 14:26
Ang Espiritu ay ang Panginoon – 2 Cor. 3:17,18
Ang Panginoon ay si Jesus – 1 Cor. 8:6

Malinaw ang nakasaad sa mga Kasulatan tungkol sa Banal na Espiritu kaya't mahirap unawain paanong nahihirapan tayo sa doktrina ng Trinidad. May iisang Espiritu, ito ay mismong buhay ng Dios na dumadaloy sa pamamagitan ni Cristo sa atin; ang Kaniyang personal na presensya sa atin. Sa **Mga Awit 51:10,11** Sabi ni David: "Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, O Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko:***"Huwag mo akong paalisin sa iyong harapan; at huwag mong bawiin ang iyong santong Espiritu sa akin."***

Paanong ang Banal na Espiritu ay naririto sa atin? Paano gumagawa ang Dios sa ating buhay upang tayo'y gawin muli sa larawan ng Manlalalang?

Juan 3:5 "Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na *ang tao'y* ***ipanganak ng tubig at ng Espiritu****, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios."*

Ang Espiritu sa salitang Griyego ay **"pneuma"** na ngangahulugang **"hininga," "hangin**," **"Dios," "buhay." "isip."** Ang bagong pagsilang ay binubuo ng pagtanggap ng buhay o kaisipan ng Dios.

Roma 12:2*"At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi* ***mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip****...."*

Efeso 4:23 At kayo'y mangagbago sa espiritu **ng inyong pagiisip**."

Efeso 3:16*"Upang sa inyo'y ipagkaloob niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian,* ***na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa pagkataong loob; Na si Cristoay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya..."***

Ito ay sa pamamagitan ng kaisipan na ang Espiritu ay nananahanan sa ating kalooban. Ito ay angating kaisipan, ang ating pagiisip na binago na kasang ayon sa kalooban ng Dios. Kaya nga sinasabi nito sa**Filipos 2:5**

"Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman."

Ang pananahanan ng Espiritu ng Dios ay kaloob buhat sa Makalangit na Ama para sa iyo at sa akin.

Mga Gawa 2:38*"At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo* ***ang kaloob*** *ng Espiritu Santo."*

Tunay na ito ay kaloob. Ang Kataastaasang namamahala sa buong kalawakan ay ipinagkakaloob sa atin ang kaisipan ni Cristo. Siya ay naghahandog para bigyan tayo ng panibagong puso, panibagong isip, na muling lalangin sa larawan ng Dios; ang Kanyang personal na presensya. **Kahanga hangang pag-ibig ng Dios sa atin!**

Maaaring wala ng iba pang mas magandang paliwanag kung paano ninanais ng Dios na ang ating pakikipagkaisa sa Kaniya ay mahubog at manatili, kaysa talinghaga ng puno at mga sanga. Ang talinghagang ito ay tuwirang ipinagkaloob sa mga alagad kasunod ang pangakongsinabi ni Cristo na ang Ama ay magsusugo ng Mang-aaliw na mag-iingat sa kanila. Alalahanin natin na sa kapitulo 14 ng Juan ay nangako si Cristo na paroroon sa kanila bilang Mang-aaliw. Pagkatapos ay sinabi ni Jesus sa mga alagad na kapag sila ay sa Kanya, kanilang iingatan ang mga kautusan ng Dios at Siya, si Cristo, ay maghahayag ng Kanyang sarili sa kanila. Si Judas ay nagtanong kung paano niya gagawin yaon. Pansinin ang Kanyang tugon:

Juan 14:23*"...Kung ang sinoman ay umiibig sa akin, ay kaniyang tutuparin ang aking salita: at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa kaniya, at siya'y* ***gagawin naming aming tahanan****."*

Hindi ba't nakakaaliw na sinabi ni Jesus na "kami," nangangahulugang ang Ama at Anak, ay mananahanan sa atin? Pagkatapos ng ilan pang mga talata iniugnay ni Cristo ang talinhaga ng puno at mga sanga upang tulungan tayongmakita kung paano ito nangyari.

Juan 15:1-11 *"Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka….Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng*

marami:sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa….Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos."

Ang Ama ang magsasaka. Siya ang nagpapalago ng lahat ng mga bagay. Kanyang dinidiligan ang puno at pinapanatiling buhay. Si Cristo ang puno at tayo ang mga sanga. Ano ang nagpapanatilisa buhay ng puno? Ito ay ang tubig at sangkap na umaakyat sa ugat at dumaraan sa puno at patungo sa mga sanga. Kung ang sanga ay hiwalay sa puno hindi ba't ito ay mamamatay? Si Cristo ay nagsabi na hangga't tayo'y nakaugnay sa Kanya tayo'y may buhay, dahil ang tubig at katas na nagbibigay buhay (ang Banal na Espiritu), ay **dumadaloy sa pamamagitan ng puno patungo sa mga sanga. Sa anyo ng talinghaga, sinusubukangipaliwanag ni Cristo sa mga alagad kung paano ipinagkakaloob ang Banal na Espiritu at kung paano ang mismong presensya ng Dios ay magpupuno sa kanila.** Ang lahat ng buhay ay tunay na nagmumula sa Ama. Ang Dios ng lahat ng nilalang, sa pamamagitan ng Anak, (ang puno) sa pamamagitan ng kanilang magkabahaging Espiritu, patungo sa atin (mga sanga),upang ang ating kagalakan ay mapuno. Kahanga-hangang pagpapakita ng gawain ng Dios sa buhay natin! Kahanga-hangang pag-ibig mayroon sa atin ang Ama at Anak, ninanais nila na matamnan tayo ng Kanilang makadiyos na likas upang tayo na may maging "kabahagi ng makadiyos na likas"

2Pedro1:3,4"Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, *sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan; Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako;* ***upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios,*** *yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita."*

Tunay na ang Banal na Espiritu ay kaloob buhat sa Dios. Nakalulungkot na"pighatiin" ang Espiritung ito.

Efeso 4:30*"At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos."*

Marami ang nag-aangkin na ang pagtanggi na ang Banal na Espiritu ay hiwalay na Dios ay "pamimighati sa Banal na Espiritu". Sa lahat ng mga Kasulatang ating ibinahagi malinaw na ang pagpighati sa Espiritu ay nangangahulugang pagtanggi sa udyok ng Dios na nagsasalita sa atin. Tunay na walang saysay kung sabihin namapighati ang Ama at Anak, huwag lamang itong ikatlong persona (tulad ng mga turo ng iba); ang Banal na

Espiritu. Ang pagpighati sa Espiritu ay nangangahulugang pagtanggi sa paglapit ng Dios at ni Cristo sa ating buhay, dahil ito mismo ang Kanilang buhay at kapangyarihan na ating tinatanggihan.

Ang Banal na Espiritu ay ang mismong buhay ng Dios na nagmumula sa Ama at ibinabahagi ng Anak. Ito ang personal na presensya ng Ama at Anak na ipinagkakaloobsa atin. Sa mga nakalasap ng makadiyos na likas at kapangyarihan sa kalooban, ang buhay ng Dios, at pumapayag na baguhin Niya ang kanilang mga pag-uugalina maging katulad ng Kanyang Anak, balang araw ay makakaharapnila ng personal ang kahangahangang Dios ng pag-ibig.

Sino ang ating makakausap saLangit kapag tayo ay naparoon? Mayroon bang tatlong persona na ating sasambahin at papurihan o, gaya ngating napag-aralan, mayroon bang dalawa; ang Ama at Kanyang Anak?

> **Apoc. 21:22***"At hindi ako nakakita ng templo doon:* ***sapagka't ang Panginoong Dios, ang Makapangyarihan sa lahat, at ang Cordero ay siyang templo doon."***
> **Apoc. 22:1***"At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas sa luklukan* ***ng Dios at ng Cordero****."*

Walang binanggit na ikatlong persona na dadalaw kasama natin sa Langit, tanging ang Ama, Ang Dios ng lahat; at Kanyang Anak, ang ating Panginoon at Tagapagligtas. Nawa'y ang Espiritu ng buhay na Dios ay patuloy na manahan sa ating mga puso, baguhin ang ating kaisipan, at papanumbalikin tayo sa mismong anyo ng ating Manlalalang.

Ito ba'y Mahalaga?

Tunay bang may pagkakaiba kung ikaw man ay naniniwala na ang Espiritu Santo ay isa sa tatlong persona na bumubuo sa Kadiyusan o kung maniwala ka na ang Espiritu ay ang personal na presensya ng Ama at Anak sa atin? Hindi kaya ito lamang ay teolohiyang teknikalidad na wala naman talagang halaga? **Ang sagot ay; tunay na ito ay mahalaga. Hindi lamang ito teolohiyang teknikalidad.**

Kailangan nating isiping palagi kung ano ang orihinal na hangad ni Satanas sa pasimula pa lamang. Hangad niya na sambahin bilang Dios, hindi ba? Iyong alalahanin na siya ay nagalit dahil hindi siya maaaring maging bahagi sa mga konseho ng Langit kasama ng Ama at ng Kaniyang Anak. Siya ba ngayon ay nagtagumpay sa kanyang hangad ng pagtatanim sa puso ng iglesia ng doktrina ng Trinidad? Hayaan mong ipaliwanag ko.

Mula sa panahon ng Konseho ng Nicea noong 325 AD sa panahon ng konseho ng Constantinople noong AD 381, si Satanas ay aktibo sa pagliligaw ng iglesia na ibahin ang dalawang bagay. Sa mga konsehong ito tinaggap ng iglesia ang Linggo bilang araw ng pagsamba sa kapalit ng Sabbath sa Biblia, na nagbigay sa atin ng "panibagong araw". Gayundin naman, ang doktrina ng Trinidad ang naging pundasyon ng katuruan ng iglesia, na nagbigay sa atin ng "panibagong Mang-aaliw," pagtanggap sa Banal na Espiritu bilang hiwalayna personaheat ginawang tatlong persona ang "Dios".

Ating pinag-uusapan si Cristo bilang tagapamagitan sa pagitan ng Dios at ng tao, ang tanging pumapagitna. Subalit, sa pagdadala ng doktrina ng Trinidad tayo ngayon ay mayroong bagong "tagapamagitan" na nag-uugnay sa Dios at sa tao—ang "Banal na Espiritu".Ang Banal na Espiritung ito ay pinapanalanginan,kung saan tuwirang kasalungat sa mga Kasulatan. Doon tayo ay tinuturuan na manalangin sa Ama sa pangalan ni Jesus.Hayaan mong tanungin kita: **Ipagpalagay mo na tayo ay tama, at ang Banal na Espiritu ay hindi hiwalay na persona—hindi isang hiwalay na Dios—sino kaya ang tumutugon sa ating mga panalangin kapag tayo ay nanalangin sa "Espiritu"? Sino siya na naglalagay ng kanyang sarili bilang ikatlong "Dios" na karapatdapat sambahain at papurihan????** Si Satanas ba ay nagtagumpay sa pagsasagawa ng kanyang layuningkilalanin bilang Dios? Kung tayo ngayon ay naniniwala na ang Banal na Espiritu ay maaring sambahin at panalanginan gaya ng Ama at ng Anak, saan tayo inaakay? Kahindikhindik na pagbubukas ito para sa Demonio na mailigaw maging ang mga nag-aangking mga Kristyano,inilalayo sila mula sa Ama, ang nag-iisang tunay na Dios, patungo sa huwad na dios. Isang katotohanan na sa Kristyanismo sa kasalukuyan ay napakadalang na mabanggit ang Ama, na tinatawag ng Biblia na nag-iisa at tunay na Dios lamang. Mapapansing ang sentro ng gawaing Kristiyano ay nakasentro sa palibot nitong ikatlong persona ng Trinidad, gaya ng pinaniniwalaan nila. Ang karangalang nararapat sa Ama at sa Anak ay tilainilagay na sa likuran ng"Banal na Espiritu."

KONKLUSYON

Mayroon ba itong kahalagahan? Napakahalaga nito para sa sanlibutan. Ang Biblia ay may sinasabi tungkolsa isang panahon ng kabagabagan na malapit ng dumating sa atin na hindi pa naranasan sa buong kasaysayan ng daigdig. (Daniel 12:1)Tayo ay kinakailangang matibay na nakahawak sa ating pananampalataya. Kinakailangang kilala natin kung sino ang ating pinaniniwalaan. Pinalalabo ng katuruan ng Trinidad ang kahangahangang pag-ibig ng Ama sa pagkakaloob niya ng Kaniyang bugtong na Anak upang mamatay para sa iyo at sa akin. Pinabababa nito ang sakripisyo tungo sa isang kasama nanagkaloob ng isa sa kaniyang mga kasama bilang handog. Tunay na sa kahit anong paraan ay hindi matatapatan ang maluwalhating pagkaunawa na ang Dios ng kalawakan ay nagkaloob ng mismong buhay Niya, sa anyo ng Kaniyang Anak, para sa nawaglit na sangkatauhan.Ating alalahanin, na ang pagtugon natin bilang mga tao sa Dios aynakasalalay sa ating pagkaunawa at paniniwalasa sakripisyong ginawa Niya.

Ating natuklasan na ang doktrina ng Trinidad ay nakakalito, malabo, at salungat sa Kasulatan.

1. Sinasabi ng Trinitarian sa atin na kailangan nating maunawaan na kapag ang katagang “Anak ng Dios” ay ginamit kay Cristo, ito aytumutukoy sa Kanyang kapanganakan sa Betlehem, ang katagang ito ay ginagamit lamang sa panahon na siya ay tatawaging Anak dahil sa pagkakatawang-tao. Subalit, walang ganoong salaysay na ginawa sa mga Kasulatan. Ang dalisay at payak na salaysay ng Kasulatan ay Anak ng Dios si Jesus at nabuhay na bago pa man siya pumarito sa lupa.
2. Sinasabi ng Trinitarian sa atin na ang tatlong persona ay bumubuo ng iisang Dios at dahil ang bawat isa ay “Dios” sa kanyang sariling karapatan, bawat isa ay karapatdapat na sambahin at papurihan, at bawat isa ay maaaring panalanginan. Subalit, ang mga **Kasulatan ay malinaw na nagsasabi na mayroon lamang dalawang persona na karapatdapat na sambahin at papurihan, ang Ama na siyang pinagmumulan ng lahat ng buhay, at Kanyang Anak na, dahil sa pagmana, ay pinagkalooban ng lahat ng bagay mula sa Kanyang Ama.**
3. Ang pananaw ng Tinitarian ay hindi tunay na Anak ng Dios ang namatay, ngunit myembro ng Kadiyusan na ginaganapan ang bahagi ng Anak. Kapag isiningit natin ang kaisipang iyan sa tanyag na talata sa Juan 3:16 ito ay mababasang gaya nito:

“Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios [Ama, Anak, Banal na Espiritu] sa sanlibutan, na ibinigay niya [Ama, Anak, Banal na Espiritu] …”

Mahirap sundan ang linya ng kaisipang iyan.**Ito ay nangangahulugan ng kalituhan, at ang Dios ay hindiang Akda ng kalituhan.** Ang Kasulatan ay napakalinaw at walangdapat magkamali. “Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios [ang Ama] na ibinigay niya ang kanyang nag-iisang isinilang na Anak.”

Atin bang pinipilosopo ang payak at simpleng mga katuruan ng Kasulatan, at pinalitan ng ideya ng tao kung ano ang tama at mali? Iyo bang naaalala ang hipon sa umpisa ng munting aklat na ito? Ang hipon na may maling “kalagayang bato” ay lumangoy ng pabaliktad subalit nag-aakalana sila ay nasa tama.Maaari kaya, na ang lahat ng kalituhang matatagpuan sa Kristyanismo sa ngayon kasama ang magkakaibang denominasyon, ay nangyayari dahil naglagaytayo nghuwad na kalagayang bato? Kapag ang pundasyon ay mahina, ang gusali ay guguho, hindiba? Tunay na makatawag pansin na ang katuruan ng Trinidad ay ang lubid na nagbibigkis sabuong “sangkaKristyanuhan”, subalitang mga sanganito ay may kanya-kanyang patutunguhan. Sinasabi ng Biblia na kung ikaw ay nagtatag sa solidong bato, ang gusali mo ay makatatayo. Sa madaling salita, kung ikaw ay nagtatag sa katotohanan ni Kristo, ikaw ay magkakaroon ng matibay na gusali. Ngunit kung ikaw ay nagtatag sa buhanginan, ang pabagubagong buhanginan ng kamalian, ang bahay ay babagsak, at dakila ang magiging pagbagsak nito. Ang Kristiyanismo ba sa kasalukuyan ay lubhang bahabahagi dahil ito ay natatag sa buhanginan?

Nais ko kayong himukin na pag aralan ang usaping ito. *“Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan.”* (2Tim 2:15) Ang tanging paraan upang makapagdesisyon kung ano ang katotohanan ay ang gawin ang ginawa ng mga Bereo noon at subukin ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng salita ng Dios upang mapatibay ng iyong sariling kaisipan. Nawa’y akayin at gabayanka ng Dios sa lahat ng katotohanan. Ang aming panalangin ay punuin nawa ng kahangahangang pag-ibig ng Dios ang iyong puso at ang iyong relasyon sa Ama at Anak ay lumago sa araw-araw habang iyong inuunawang mabuti ang kagilagilalas na sakripisyong ginawa para sa sangkatauhan.

APENDIKS

Ilansa mga talatang isinasaalang alang na mahirap unawaain

Maraming mga Trinitarian ay talagang iniisip na ang mga sumusunod na talata ay talagang sumusuporta sa doktrina ng Trinidad. Ating susuriin sila ng detalyado, at manalangin tayo na ang Panginoon ay magkakaloob ng kalinawan upang mahanda sa pagbibigay ng sagot.

Juan 1:1
Hindi ba't kinikilala sa talatang ito si Cristo bilang Dios? Ito marahil ang pinakamadalas na gamiting talata ng mga Trinitarian. Ating tingnan ito sa orihinal na Griyego:

εν 1722	αρχη 746	ην 2258	ο 3588	λογος 3056
In	beginning	was	the	Word

και 2532	ο 3588	λογος 3056	ην 2258	προς 4314
and	the	Word	was	with

τον 3588	θεον 2316	και 2532	θεος 2316	ην 2258
the	God	and	God	was

ο 3588	λογος 3056	ουτος 3778	ην 2258	εν 1722
the	Word	the same	was	in

αρχη 746	προς 4314	τον 3588	θεον 2316
beginning	with	the	God

Nang pasimula siya ang Verbo [ang Anak ng Dios], *at ang Verbo ay kasama ng **[ang]** Dios* [ang Ama], *at ang Verbo ay Dios* [ang Anak ng Dios]. *Ito rin ng pasimula'y kasama ng **[ang]** Dios* [ang Ama].*" (Juan 1:1, 2).* Pansinin ang pagkakaibang nagagawa kapag ang salitang **"[ang]"** ay isiningit sa tamang mga lugar.

Walang duda na ang talatang ito ay tumutukoy kay Cristo bilang Dios, ngunit hindi tumutukoy sa Kaniya bilang Kataas-taasang Dios. Si Jesus ay Dios ngunit Siya'y may Dios. *"Upang ipagkaloob sa inyo ng **Dios ng ating Panginoong Jesucristo,** ng Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at ng pahayag sa pagkakilala sa kaniya:"* (Efeso 1:17). Sinabi niya mismo, *Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng **aking Dios**, at hindi na siya'y lalabas pa doon: at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng **aking Dios**, at ang pangalan ng bayan ng **aking Dios,** ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa **aking Dios,** at ang aking sariling bagong pangalan."* (Apocalipsis 3:12).Gayundin, *"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at **aking Dios** at inyong Dios."* (Juan 20:17).

Si Jesus ay Dios, subalit hindi ang Kataas-taasang Dios, na Siyang Anak niyaon. *"At nagsisisigaw ng malakas na tinig, na kaniyang sinabi, Ano ang pakialam ko sa iyo, **Jesus, ikaw na Anak ng Dios na Kataastaasan?** kita'y pinamamanhikan alangalang sa Dios, na huwag mo akong pahirapan."* (Marcos 5:7). Si Jesus ay hindi *"ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo."*(Efeso 1:3).

Si Jesucristo ay may Dios, ang Dios Ama ay wala. Sinasamba ni Cristo ang Dios Ama. *"Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nalalaman: sinasamba namin ang nalalaman namin; sapagka't ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga Judio."... sapagka't ang aking Ama ay lalong dakila kay sa akin."* (Juan 14:28). Si Jesucristo ay hindi lalong dakila sa Dios Ama. Si Jesucristo ay may pangulo sa Kanya, ang Dios Ama ay wala.*"Datapuwa't ibig ko na inyong maalaman, na ang pangulo ng bawa't lalake ay si Cristo, at ang pangulo ng babae ay ang lalake, at ang **pangulo ni Cristo ay ang Dios."*** (1Cor.11:3).
Juan 1:1 Sinasabing *nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.*Ang Verbo ay nang pasimula, pasimula ng ano? Ito marapat ay pasimula ng isang bagay. Ito ba ay pasimula ng sanlibutang ito? Ito ba ay pasimula ng paglalang sa mga anghel? Kahit alin pa mang pasimula mo ito ilagay. Ito pa rin ay pasimula ng isang bagay. Maraming mga Trinitarian ay ginagamit ito para sabihing si Cristo ay nandiyan na, at walang pasimula. Hindi iyan ang sinasabi ng talata. May kahulugan ang salitang *kasama.* Ang Verbo ay *kasama* ng Dios. Hindi sila maaaring

iisang persona, dahilhindi maaaring hindi kasama ng isa ang iba. Hindi ka makakapaglakad sa daan*kasama* ang iyong sarili.

Isaias 9:6

Paano naman sa Isaias 9:6, na tinawag ang Anak ng Dios na Ama?
"Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalaki; at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ***ang kaniyang pangalan ay tatawaging*** *Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios,* ***Walang hanggang 5703 [****walang hanggan (sa darating na panahon)****] Ama,* *Pangulo ng Kapayapaan."* (Isaias 9:6)

Si Cristo ba ang Ama? Kung gayon, paano siya naging Anak? At kung siya ay parehas na Ama at Anak, paano naman magkakaroon ng Trinidad, sapagkat ang Trinidad ay tatlong indibidwal. Ang talatang ito ay malinaw na hindi sumusuporta sa doktrina ng Trinidad. Si Jesus ay tinutukoy bilang ang Ama, hindi Ama ng Kanyang sarili, ngunit ng mga anak na ibinigay sa Kaniyang Ama.

At muli, ilalagak ko ang aking pagkakatiwala sa kaniya. At muli, ***Narito, ako at ang mga anak na ibinigay sa akin ng Dios."*** (Hebreo 2:13).

Si Cristo ay tinawag na *walang hanggan*, na nararapat, dahil Siya ay mananatili magpakailanman. Siya ay tinawag na Ama, hindi ng Kaniyang sarili kundi sa mga anak na ibinigay sa Kaniya ng Dios. Maraming mga Trinitarian ang nagsasabi na ang katagang walang hanggan na inilapat kay Cristo sa talatang ito ay nangangahulugang siya ay naririyan na, at hindi kailanman nagkaroon ng pasimula. Ngunit kung ang kataga ay inilapat sa atin, hallimbawa, *walang hanggang buhay*, kailangang aminin nilang ito ay payak na nangangahulugang tayo ay mababuhay ng walang hanggan sa hinaharap, at na hindi nangangahulugang tayo ay walang pasimula.

Pansinin din na ang Isaias 9:6 ay sinasabi na "*ang Kanyang pangalan ay tatawaging… ang makapangyarihang Dios".* Ang ilan ay maaaring ginagamit ang pahayag na ito na nangangahulugan na si Cristo ay ang Kataas-taasang Dios. Ito ay magiging magandang argumento kung ang talata ay tumutukoy kay Cristo bilang Dios na *Makapangyarihan sa lahat*, subalit ginagamit nito ang katagang *makapangyarihang* Dios. Tayo ay nakababasa ng mga *makapangyarihang* tao, subalit hindi ng *Makapangyarihan sa lahat* na tao. Tunay na ito ay marapat ding itawag sa Anak na makapangyarihan, dahil siya ay makapangyarihan. Marapat din naming tawagin syang Dios, sapagkat ang Makapangyarihan sa lahat na Dios mismo ang tumawag sa kanyang Anak na Dios sa

Hebreo 1:8. Kaya ang katagang walang hanggang Ama at ang makapangyarihang Dios ay marapat na ilapat sa Anak.

1 Juan 5:7

Paano naman ang 1 Juan 5:7? *"Sapagkat may tatlong nagtatala sa langit,* ***ang Ama, ang Verbo, at ang Banal na Espiritu: at ang tatlo ay nagkakaisa."*** (1 Juan 5:7). Ang bahaging pinalaki sa talatang ito ay hindi kalakip sa Kasulatan, at ang katotohanang ito ay napakapangkaraniwang alam na iniwan, kung hindi lahat, sa mga bagong salin.

"Pangkalahatang pinanghahawakan ang tekstong ito, na tinatawag na "*Gomma Johanneum*,ay isang paliwanag na isinama sa talata ng Lumang Latin at Vulgate sa unang pahanon, ngunit natagpuan lamang sa tekstong Griyego noong mga 15th at 16th siglo." (*A Catholic Commentary on Holy Scripture, Thomas Nelson and Sons, 1951,* pahina *1186*).

Sabi ni Clarke, sa buong isangdaan at labintatlong kasulatan, ang teksto ay hindi matatagpuan sa isangdaan at labindalawa. Hindi ito matatagpuan sa MS. bago ang ikasampung siglo. At ang unang pagkakataon na ang talata ay mapalagay sa Griyego, ay sa saling Griyego ng mga gawa ng Konseho ng Lateran, noong A.D 1215." *(Komentaryo sa 1 Juan 5, at mga puna sa huling kapitulo).*

Ang talatang ito ay nagmula sa Latin Vulgate. Hindi kailanman naisulat sa Manuscript ng Griyego bago ang ika-15th siglo. Ang unang Manuscript na Griyego ay hindi naglalaman ng talatang ito. Ang katotohanang ito ay malawakang kinikilala, na ang halos lahat na mga bagong salin ay iniwanan ang kabuuan nito. Ang NIV ay iniwan ito. Ang Young's literal translation (na may napakagandang salin) ay nilakip ito, ngunit ito ay nakapahilis, na nagpapakita na ito ay idinagdag. Ang Jay P. Green's Greek and Hebrew Interlinear Bible ay nagsasabi sa atin sa pambungad na ang partikular na talatang ito ay hindi isinasaalang alang na nasa Kasulatan.

Ito ang eksaktong tala mula kay Jay P. Green. "Ang talatang ito ay nag-iiwan ng kaunting babasahin mula sa Latin Vulgate,dalawa o tatlo na walang katibayan mula Griyegong manuscript (hal. Mga Gawa 9:5-6), at isa mula sa Complutensian Bible (1 Juan 5:7). Kahit hindi natin tinatanggap ang mga ito bilang tunay na Kasulatan, hinayaan naming silang manatili; ang apendiks ay magsisilbing pangangailangang pangwasto." (The Interlinear Bible Preface)

Ako ay may napakarami pang dokumento para dito. Ang isa sa pinakamahusay ay ang Bible Commentary na nagpapaliwanag kung paano ito napadpad sa Bibliyang King

James. Si Erasmus ay naghahanda ng Griyegong manuscript noong 1520. Ang di kilalang mga tao ay nagnais na ilakip ni Erasmus ang 1 Juan 5:7 sa Latin Vulgate. Tumanggi si Erasmus, na nagsasabing walang ganoong Griyegong manuscript na may nakalagay na talata doon. At sinabi ni Erasmus sa panghuli na kung sila ay makakagagawa ng isang Griyegong manuscript na mayroong 1 Juan 5:7 doon, kaniyang ilalakip ito. Sa loob ng isang taon ay nakagawa sila ng isa. Walang nakakaalam kung paano nila ito ginawa. Maraming nagsasabi na sila mismo ang gumawa nito. Si Erasmus na totoo sa kaniyang pananalita, ay inilakip ang kahinahinalang talata sa kaniyang Griyegong manuscript. Ang tagasalin ng Bibliyang King James ay pangkaraniwang ginagamit ang tekstong Griyego, kaya nilakip nila ito sa kanilang pagsasalin noong 1611.

Diyan ang 1 Juan 5:7 nagmula. Hindi ito mapagkakatiwalaang pagtayuan ng doktrina. Gayun pa man, ang Latin Vulgate ay pinagmulang Katolikong salin ng Biblia, at naglalaman ng maraming mga pagbabawas at mga pagdadagdag. Ito ay lubos na hindi mapagkakatiwalaan. Pati ang kanilang dalawang Griyegong mga manuscript, Vaticanus, at Siniaticus. Dalawang manuscript na ginamit nina Wescott at Hort ng malawakan sa kanilang bagong Griyegong manuscript noong 1800's. Halos lahat ng mga bagong salin ng Biblia ay nakabatay sa Wescott at Hort na salin.

Mateo 28:19

"Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:"

Ang salitang pangalan ay pang-isahan(singular),maging sa Ingles at Griyego. Ang salitang "pangalan" ay paulit ulit na ginamit na nagpapakita ng "karakter", tulad ng kay Jacob na pagpapalit, at hindi na kailanman tinawag na Jacob(mandaraya), ngunit tinawag na Israel (siya ay maghahari kasama ng Dios). Bautismuhan sila sa karakter ng Ama, at ng Kanyang Anak, at ng Kanilang Banal na Espiritu.

Ninanais ng Dios na ang kanyang bayan ay malaman ang tungkol sa karakter ng Ama, at karakter ng Kanyang Anak, at karakter ng Kanilang Banal na Espiritu. Ang salitang pangalan ay nangangahulugang karakter. Si Jesus ay hindi pumapatungkol sa tatlong magkakahiwalay na mga pangalan, o mga karakter, o dapat sinabi nya ito. Sinabi niya na "pangalan" hindi pangmaramihan(plural). Ninanais ng Dios na malaman natin na kanyang niluwal ang Kaniyang nag-iisang isinilang na Anak, at isinugo Siya sa sanlibutan upang Kaniyang matubos tayo sa ating mga kasalanan. Kaniyang isinugo ang

Espiritu ng kaniyang Anak sa ating mga puso matapos na si Jesus ay maghirap sa panunukso, upang ating mapanagumpayang lubos ang kasalanan.

"Palibhasa'y nagbata siya sa pagkatukso,siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso."(Hebreo 2:18*).*

Dahil si Jesus ay nagbata ng tukso, kaya Niyang tulungan ngayon yaong mga tinutukso, na kakaiba saparaan ng pagtulong na Kanyang ginagawa sa panahon ng Lumang Tipang. Ito ang inaasahang pangako.

(Nguni't ito'y sinalita niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga magsisisampalataya sa kaniya: sapagka't hindi pa ipinagkakaloob ang Espiritu; sapagka't si Jesus ay hindi pa niluluwalhati.)" (Juan 7:39)

Ang Banal na Espiritu ay hindi pa ipinapagkaloob sapagkat si Cristo ay hindi pa naluluwalhati. Kailangan ni Jesus na maranasan kung ano ang pakiramdam ng natutukso tayo ay Kaniyang matulungang mainamkapag tayo ay tinutukso. Ito ang pangakong itinagubilin sa mga alagad na dapat nilang hintayin sa Gawa 1.

"Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo." (Juan 16:7)

Bakit kinakailangang umalis si Jesus, sapagkat ang Banal na Espiritu ay hindi maipagkakaloob sa kanila malibang Siya ay umalis. Kung ang Banal na Espiritu ay ikatlong hiwalay na Dios, ito ay mapapasa walang kabuluhan.

Juan 14

Atin tingnan ang mga salita ni Jesus. *"At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo. Hindi ko kayo iiwang magisa:* ***Ako'yparirito sa inyo."*** **(Juan 14:16-18)***"na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian:"(*Colosas 1:27). Ang pag-asa ng kaluwalhatian ay ang si Cristo ay sumasainyo, hindi ang sinuman, ngunit si Cristo mismo. Sinabi Niya na Siya ay paririto sa atin. *"Sa inyo una-una, nang maitindig na ng Dios ang kaniyang Lingkod, ay sinugo niya upang kayo'y pagpalain, sa pagtalikod ng bawa't isa sa inyo sa inyong mga katampalasanan."* (Mga Gawa 3:26). Matapos ibangon ng Dios ang Kanyang Anak

mula sa mga patay, sinugo Niya Siya sa inyong mga puso upang italikod kayo sa sa inyong katampalasanan. *"At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Dios ang Espiritu ng kaniyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama."* (Galacia 4:6). Ito ay ang mismong Espiritu ni Cristo na nasa sa atin, hindi ikatlong Dios, hindi iba na hindi naranasan ang mga pagsubok at mga panunukso na ating pinagdadaanan.

2 Mga Taga Corinto 13:14

"Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumainyo nawang lahat." (2 Mga Taga Corinto).Maraming nag-aakala na ang ibig sabihin ng talatang ito ay mayroong tatlong mga Dios. Atin suriin ang mga katotohanan.

Ang Dios Ama ay may Espiritu. *"Sapagka't hindi kayo ang mangagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo'y magsasalita."*(Mateo 10:20). Ang Anak ng Dios ay may Espiritu. *"At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Dios ang Espiritu ng kaniyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama."* (Galacia 4:6).Ang Ama ay may Espiritu, Ang Anak ay may Espiritu, ang Banal na Espiritu ba ay may Espiritu? Hindi pa tayo nakakabasa ng Espiritu ng Banal na Espiritu. Hindi kaya na ang Banal na Espiritu at ang Espiritu ng Dios ay parehas lamang? Kung ang Banal na Espiritu ay ikatlong Dios, lubos na kapantay ng Dios Ama at ng Kanyang Anak. Siya naman ay marapat na mayroon ding Espiritu. Ngunit ang Biblia ay lubos na tahimik dito, at ito rin nama'y tila nakakatawa kungsasabihing ang Banal na Espiritu ay may Espiritu.

Naitanong mo na ba sa iyong sarili, kung sila ay magkakapantay, bakit maaaring ipagpatawad ang pamumusong sa Ama at Anak, ngunit hindi sa Banal na Espiritu? Mula dito, mababanaag natin na ang Banal na Espiritu ay lalong dakila o may mataas na posisyon kesa sa dalawa. Maaaring ang Banal na Espiritu ay hindi ikatlong persona, bagkus Espiritu ng Dios, at ang pamumusong sa Banal na Espiritu ay hindi pagtawag ng masamang pangalan bagkus ito ay ang patuloy na pagtanggi sa udyok ng Espiritu ng Dios, hanggang sa ito ay hindi na bumalik.

Tanungin ninyo ang inyong sarili ng ilang mga simpleng tanong. Bakit ang Ama ay hindi kailanman nakipagusap sa Banal na Espiritu? Bakit ang Anak ay hindi kailanman nakipagusap sa Banal na Espiritu? Bakit ang Banal na Espiritu ay hindi kailanman nakipag-usap kay Jesus? Bakit ang Banal na Espiritu ay hindi kailanman nakipag-usap sa Ama? Samantalang ang Ama ay nakikipag-usap sa Kanyang Anak ng paulit-ulit sa buong Biblia, at si Jesus ay nakikipag-usap sa Kanyang Ama ng paulit ulit sa buong Biblia.

Bakit ang Banal na Espiritu ay hindi nabanggit ng si Cristo ay nakikipagkatwiranan sa mga Hudio, at inangkin na Siya ay may patotoo sa mga bagay na kanyang sinasabi sa kanila? *"Oo, at sa inyong kautusan ay nasusulat, na ang patotoo ng dalawang tao ay totoo. Ako ang nagpapatotoo sa akin din, at ang Amang nagsugo sa akin ay nagpapatotoo sa akin."* (Juan 8:17, 18). Tunay na kung si Jesus ay may ibang saksi na na maaaring banggitin, ginawa sana Niya ito dito.

"Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: oo, at tayo ay may pakikisama sa Ama, at sa kaniyang Anak na si Jesucristo" (1 Juan 1:3). Tayo ay may pakikisama sa dalawang persona. "*Ang sinomang nagpapatuloy at hindi nananahan sa aral ni Cristo, ay hindi kinaroroonan ng Dios: ang nananahan sa aral, ay kinaroroonan ng Ama at gayon din ng Anak."* (2 Juan 9). Siya ay kinaroroonan ng KAPWA Ama at Anak. Pag-isipan nyo ito!

Sino ang kabilang sa konseho ng kapayapaan? *At salitain mo sa kaniya, na sabihin, Ganito ang salita ng PANGINOON ng mga hukbo, na nagsasabi, Narito, ang lalake na ang pangala'y SANGA: at siya'y sisibol sa kaniyang dako; at itatayo niya ang templo ng PANGINOON; Sa makatuwid baga'y kaniyang itatayo ang templo ng PANGINOON; at siya'y magtataglay ng kaluwalhatian, at mauupo at magpupuno sa kaniyang luklukan; at siya'y magiging saserdote sa kaniyang luklukan: at ang payo[konseho] ng kapayapaan ay mapapasa pagitan nila kapuwa.*(Zakarias 6:12, 13). Tunay na kung may ikatlong Dios na persona, nanaisin niya na malakip sa konseho ng kapayapaan. Ngunit walang ikatlong persona ang nabanggit.

"Sino ang sumampa sa langit, at bumaba? Sino ang pumisan ng hangin sa kaniyang mga dakot? Sinong nagtali ng tubig sa kaniyang kasuutan? Sinong nagtatag ng lahat ng mga wakas ng lupa? Ano ang kaniyang pangalan, at ano ang pangalan ng kaniyang anak kung iyong nalalaman?" (Kawikaan 30:4). Dito ating nabanggit ang Ama at Kanyang Anak, wala ng iba.

Biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios at kay Jesus na Panginoon natin," (2 Pedro 1:2). Kung alam ni Pedro ang ikatlong Dios, tunay na kaniyang ilalakip siya sa pagbati.

"Sumaatin nawa ang biyaya, awa, at kapayapaang mula sa Dios Ama at kay Jesucristo, Anak ng Ama, sa katotohanan at sa pag-ibig." (2 Juan 3). Bakit hindi binanggit ni Juan ang ikatlong persona sa talatang ito?

Sa lahat ninyong nangasa Roma, mga iniibig ng Dios, tinawag na mangagbanal: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at Panginoong Jesucristo." (Mga Taga Roma 1:7). Siguradong hindi papalampasin ni Pablo ang pagkakataon na magbigay kalwalhatian sa lahat na tatlong Dios, kung mayroon talagang tatlong Dios. Sa katunayan, si Pablo ay sumulat ng gayunding pagbati sa bawat isa Niyang sulat, ngunit hindi nilakip ang ikatlong Dios. Hindi kaya si Pablo ay naniniwala sa kaniya mismong sinulat? *"Nguni't sa ganang atin ay may isang Dios lamang, ang Ama, na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isa lamang Panginoon, si Jesucristo, na sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya."*(1 Mga Taga Corinto 8:6). Alam ni Pablo na mayroon lamang isang Dios ang Ama, at isang Panginoong Jesucristo, kaya tunay na hindi niya susubukang magdagdag pa ng ibang dios.

Juan 8:58

Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Bago ipinanganak si Abraham, ay ako nga." (Juan 8:58).

Maraming mga Trinitarian ang gumagamit nito bilang kapanipaniwalang katibayan na si Cristo ay ang Kataastaasang Dios. Ito ba ang dahilan*? "Jesus, ikaw na Anak ng Dios na Kataastaasan?"* (Marcos 5:7). Si Jesus ay Anak ng Kataas-taasang Dios, hindi ang Kataas-taasang Dios mismo. Atin tingnan ang Exodo, ang tanging lugar kung saan ginamit ang katagang yaon sa Lumang Tipan. *"At ang anghel ng PANGINOON ay napakita sa kaniya, sa isang ningas ng apoy na mula sa gitna ng isang mababang punong kahoy; at siya'y nagmasid, at, narito, ang kahoy ay nagniningas sa apoy, at ang kahoy ay hindi natutupok."* (Exodo 3:2). Sino siya na nagpakita kay Moses? "Ang anghel ng PANGINOON." Sino siya? " *At sinabi, Huwag kang lumapit dito, hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa, sapagka't ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa."* (Exodo 3:5). Ito ay tila nagpapaalala.

"At nangyari, nang si Josue ay malapit sa Jerico, na kaniyang itiningin ang kaniyang mga mata at tumingin, at, narito, nakatayo ang isang lalake sa tapat niya na may kaniyang tabak sa kaniyang kamay na bunot: at si Josue ay naparoon sa kaniya, at sinabi sa kaniya, Ikaw ba'y sa amin, o sa aming mga kaaway?

At kaniyang sinabi, Hindi; kundi ako'y naparito ng parang prinsipe ng hukbo ng PANGINOON. At si Josue ay nagpatirapa sa lupa at sumamba, at nagsabi sa kaniya, Anong sabi ng aking panginoon sa kaniyang lingkod? At sinabi ng prinsipe ng hukbo NG PANGINOON kay Josue, Hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong paa; sapagka't

ang dakong iyong kinatatayuan ay banal. At ginawang gayon ni Josue." (Hosea 5:13-15).

Dito ang prinsipe ng mga hukbo NG PANGINOON ay nagpakita kay Josue at sinabihan siya na hubarin ang kanyang panyapak sa kanyang paa, sapagka't ang dakong kaniyang kinatatayuan ay banal. Alam natin na ito ay hindi anghel, sapagka't ang anghel ay hindi tatanggap ng pagsamba. *"At ako'y nagpatirapa sa kaniyang paanan upang siya'y aking sambahin. At sinasabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mayroong patotoo ni Jesus: sumamba ka sa Dios: sapagka't ang patotoo ni Jesus ay siyang espiritu ng hula."* (Apocalipsis 19:10). Alam natin na ang Prinsipe dito ay hindi ang Dios Ama sapagka't *"Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya."* (Juan 1:18). Ang tanging natitira na maaaring sambahin ay si Cristo.

Si Cristo ay nagpakita kay Josue at sinabi na hubarin ang kanyang panyapak, dahil ang kinatatayuan niyang dako ay banal. *Narito, aking sinusugo ang isang anghel sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka sa dakong aking inihanda sa iyo. Magingat kayo sa kaniya, at dinggin ninyo ang kaniyang tinig; huwag ninyong mungkahiin siya: sapagka't hindi niya patatawarin ang inyong pagsalangsang;* ***sapagka't ang aking pangalan ay nasa Kaniya."*** *(Exodo 23:20, 21). "At ang anghel ng Dios na nasa unahan ng kampamento ng Israel, ay humiwalay at napasa hulihan nila; at ang haliging ulap ay humiwalay sa harap nila at lumagay sa likod nila:" (Exodo 14:19).* Si Cristo ang siyang nangunguna sa mga anak ni Israel. *"At lahat ay nagsiinom ng isang inumin ding ayon sa espiritu; sapagka't nagsiinom sa batong ayon sa espiritu na sumunod sa kanila: at ang batong yaon ay si Cristo."* (1 Mga Taga Corinto 10:4)

Ngayon, ating nakita na ang tanging panahon lamang na ang katagang "AKO NGA" na ginamit sa Lumang Tipan, ay tumutukoy kay Cristo. Paano ngayon sasabihan ninuman na dahil ginamit Niya ang gayunding kataga sa Bagong Tipan ay bigla na lamang niyang aangkinin ang pagiging Kataas-taasang Dios?

Mga Gawa 5:3, 8

"Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling ***sa Espiritu Santo,*** *at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso?* ***hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios."*** *(Mga Gawa 5:3,4).*

Maraming mga Trinitarian ang gumagamit nito bilang kapanipaniwalang katibayan na ang Banal na Espiritu ay Dios, na ikatlong hiwalay na persona, Dios Espiritu Santo. Ang Banal na Espiritu ay Espiritu ng Dios. *"At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos."* (Efeso 4:30). Ang salitang *banal* ay pang-uri sa *lahat* ng paggamit nito. Ang Dios ay may Espiritu, at ang Kanyang Espiritu ay banal. Ang pagsisinungaling sa Espiritu ng Dios ay pagsisinungaling sa Dios, kung ako man ay magsinungaling sa iyong espiritu, hindi mo aakalaing ako ay nagsinungaling sa kanino man liban sa iyo.

Aking idinadalangin na ang mga talatang ito kahit paano ay makapagbigay ng tulong sa iyo. Kinakailangang maging laging handa tayo sa pagbigay ng sagot sa bawat humihingi ng kasagutan sa katwiran ng pag-asa na nasa sa atin.
Nawa'y palagi tayong maging handa. *1 Juan 4:7-16*

Ang layunin ng aming gawaing literatura ay hindi upang kumita ng salapi, bagkus sa pagpapakalat ng katotohanan. Kaya nga ang mga aklat na ito ay iniaalok ng walang bayad. Ang suporta ng literatura ay nakabatay sa kusang-loob na handog ng mga may kakayanan, bilang mga napagkalooban ng pagpapala ng Panginoon. *Salitain mo sa mga anak ni Israel, na sila'y magdala sa akin ng isang handog: ang bawa't tao na maganyak ang puso sa kagandahang loob ay kukunan ninyo ng handog sa akin.'* Exodo 25:2 Kaya't ang inyong kaloob ay magpapanatili ng aming paglilimbag. Ang malilikom ay magpapaunlad pa ng pagkakalat ng Ebanghelyo sa iba. Dahil sa ang aklat na ito ay walang bayad, mataman namin kayong hinihimok na humingi ng maramihan upang maipamahagi ninyo ito sa iba na inyong maaabot. Kung ikaw ay walang kakayahang makapagbigay ng tulong pinansyal, huwag nawang humadlang ito sa iyo sa patuloy na paghingi,ngunit kami'y nakikiusap nakami'y masuportahan ng inyong mga panalangin sa harapan ng Panginoon.